


## PAGKUKUPKOP <sup>3</sup>

 . . . Neville. Magandang umaga, mga mag-aaral. Napakasaya namin na makabalik na muli upang batiin kayong muli sa sapat-sa-lahat na Pangalan ng Panginoong Jesus. Umaasa akong nagkaroon kayo ng mainam na sanlinggo ng Kanyang mga kapurihan at mga pagpapala.

<sup>2</sup> Pagdating ko kanina lang umaga, nakasalubong ko ang isang munting batang lalaki roon at binigyan niya ako ng isang maliit na plake ng tagapagbantay na Anghel na nagbabantay sa dalawang munting bata. At hindi ko alam na iyon pala ang Daulton, ang munting batang Daulton.

<sup>3</sup> At dito ilang linggo na ang nagdaan, o ilang. . . Mga dalawang linggo na ang nakararaan, may isang ama, Cristianong ama, na humiling para sa kanyang kabataang anak na babae na hindi pa Cristiano, habang nakatayo siya sa pila para sa pagpapanalangin. At sinabi roon ng Espiritu Santo, “Aking—ipinagkakaloob Ko sa iyo ang iyong anak.” At narito na siya ngayong umaga, naligtas at nabautismuhan na sa Pangalan ng Panginoong Jesus, nakaupo sa may entablado, sadyang gaya ng pagkakasabi ng Espiritu Santo. At ang iba pang mga anak ay nakaupo ring lahat sa palibot. Alam kong masaya ang pamilyang Daulton.

<sup>4</sup> Nakikita ko 'yung munting binibini roon na ipinanalangin nila 'yung sanggol noong nakaraang Linggo, na inakala nang mamamatay na ito. Nakikita kong kasama pa rin natin ito ngayong umaga, at masaya kami para doon, kapatid. Akala nila ay mayroon itong muscular dystrophy, at wala naman pala itong ganoon. Kaya labis tayong nagpapasalamat.

<sup>5</sup> Nakikita ko ang lahat ng ating mabubuting mga kaibigan. Naaalala ko pa itong lalaki rito na nagpunta noon sa akin para sa isang espesyal na pakikipanayam doon sa—sa Chautauqua minsan, sa palagay ko iyon nga. Nag-agahan ako kasama mo at ng iyong asawa at mga anak, sa palagay ko iyon. . . o ikaw at ang iyong asawa, o mga anak, oo nga, rin. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Middletown.”—Pat.] Middletown, doon sa. . . Ngunit tayong lahat. . . Nakalimutan ko na ang pangalan na iyon, kaya tinawag ko na lang na Chautauqua. Opo, ginoo. Marami sa mga mabubuti kong kaibigan.

<sup>6</sup> Sina Kapatid na Charlie Cox at Kapatid na Nellie sa dako rito, na naging pangalawang tahanan ko na, at wala nang iba pa kundi kayo ang para ko nang mga sariling anak. Nagpupunta ako roon, doon ko kadalasang ginugugol ang oras ko ng paglilibang-libang, ay doon. Siya ang pinakamahusay na mamamaril ng squirrel sa Kentucky kapag nasa Indiana ako.

At kaya ang Indiana . . . At Charlie, sinasabi ko sa iyo talagang kinasasabikan ko, gustung-gusto ko na talagang para bang kailangan kong manghuli ng ilan sa mga isdang crappie o striped bass na iyon bago ako magsimula roon. Pakiramdam ko talaga parang hindi na ako makapaghintay pa para doon.

<sup>7</sup> Si Kapatid na Parnell . . . Par- . . . Arnett, na taga-Lou- . . . South Carolina. At Kapatid na . . . Buweno, talagang napakaraming iba't iba rito na mula pa sa iba't ibang lugar, na pumarito ngayong umaga upang bumisita sa atin.

<sup>8</sup> Alam n'yo, wala tayong anumang regular na pagiging kasapi rito. Pakikisama lang sa isa't isa ang mayroon tayo, habang ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay lumilinis sa atin mula sa lahat ng kalikuan.

<sup>9</sup> Ngayon, napakainam ng pag-aaral natin, sadyang maluwalhati. At tayo ay, kahit papaano ako'y . . . alam na nasisiyahan ako rito, at alam kong nasisiyahan din naman kayong lahat dito. Nag-uumpisa ako kung minsan sa buong araw, na mangusap tungkol dito o magbasa tungkol dito, kumukuha ako ng mga dalawang talata at mag-uumpisa na ako sa Mga Kasulatan at, bigla mo na lang malalaman, natapos ko na pala ang Genesis hanggang sa Apocalipsis, na patuloy pa rin.

<sup>10</sup> At, alam n'yo, gusto kong gumugol ng panahon kung saan magagawa nating—kung saan matatalakay natin ang Aklat ng—ng Mga Hebreo, at gumugol lang ng gaya sa . . . Buweno, kapag dumating na ang panahon ng mga squirrel, tulad ng Setyem- . . . mga Okt- . . . Agosto, alam n'yo na, at magpatuloy lang hanggang sa panahon na para mangibang-bansa, basta tuwing gabi lang tungkol sa Aklat ng Mga Hebreo, o ang Aklat ng Exodo. Kung paanong ang Diyos, sa Exodo, ay inilalabas ang Kanyang bayan mula sa Egipto, isang exodo! Napakagandang tipo natin ngayon na naghahanda na para sa ating exodo. Ito'y, oh, napakagandang bagay nito. Sadyang nag-uugnay-ugnay ang buong Kasulatan, at ito'y isang napakahabang Kuwento.

<sup>11</sup> Ngayon, sa umagang ito tayo'y—nasa Aklat pa rin tayo ng . . . Tatalakayin sana natin ang unang tatlong kabanata ng—ng Aklat ng Efeso. Ang liham ni Pablo sa mga taga-Efeso sa Efeso, na sinisikap, na ipinuposisyon sa lugar ang iglesya. At bago lamang natin itong talakayin, maaari ba tayong maglaan ng isa pang sandali o dalawa para sa panalangin, bago lamang natin umpisahan.

<sup>12</sup> O Panginoon, na aming Diyos, lumalapit po kami sa Iyong Presensiya ngayon, na mga hindi kami karapat-dapat, gayunma'y nalalaman naming may isang Haing Dugo roon na naghihintay, nililinis kami sa lahat ng karumihan, at iniharap kami sa harapan ng Ama, na walang sala, walang kapintasan. Walang anuman na magagawa namin upang maging karapat-

dapat dito. Ngunit dahil sa ginawa na ito ni Jesus para sa amin, nagpapakababa kaming yumuyukod sa Kanyang Presensiya at sa Kanyang Pangalan, hinihiling na Iyo pong isusugo ang Espiritu Santo ngayong umaga sa aming kalagitnaan. At bilang hindi isang teologo o nakakaalam kung paano isaayos ang Kasulatan, kundi nagagalak lamang at nagpapasalamat sa pagkakadama sa Espiritu Santo habang kumikilos Ito sa aking katauhan, pagpalain nawa kaming lahat Nito nang sama-sama habang aming binabasa ang Iyong nakasulat na Salita, upang Ito ay maging Walang Hanggang Buhay sa amin. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at alang-alang kay Jesus. Amen.

<sup>13</sup> Ngayo'y maaari kong sabihin rito, una, na kung sa anumang oras na maaaring makapagsalita ako ng isang bagay na hindi katanggap-tanggap, na sadyang wala sa tamang ayos, marahil ay ganap na taliwas sa inyong katuruan, o isang bagay na hindi ninyo masang-ayunan, umaasa ako sa Espiritu Santo, na gagawin Niya iyon na napakasarap at napakatamis hanggang sa wala nang . . . hindi man lang makapananakit. Kita n'yo? Na ito'y—ito'y maging sa pamamagitan ng pag-ibig at pakikisama, na iyon ang kung ano ang . . . mangahulugan Ito nang gayon.

<sup>14</sup> At nag-umpisa itong lahat sa pangaral noong nakaraang Linggo, sa palagay ko iyon, noong nakaraang Linggo ng umaga, bilang *Ang Tinanggihang Hari*. Meron na bang nakakuha ng teyp? Sa palagay ko'y meron na sila nun, at maaari kayong magkaroon ng mga iyon kung gusto n'yo ng mga iyon, *Ang Tinanggihang Hari*.

<sup>15</sup> Ilang araw na lang ngayon at mag-uumpisa na tayo sa . . . doon sa Middletown, Ohio. Nais namin na lahat ng mayroon ng kanilang—na nakatakda na ang kanilang bakasyon para sa panahon na iyon na tiyakin na makipagkita sa amin doon, dahil umaasam tayo ng isang dakilang panahon ng pagsasama-sama sa Middletown, Ohio. Si Doktor Sullivan ang tagapamahala, sa palagay ko, ng komite. At magkakaroon ng limang gabi nito, mangangaral ako bilang siyang—siyang panauhing tagapagsalita sa International Convention of the Interdenominational church. At pagkatapos—pagkatapos niyon, ay ang sarili na nating pagtitipon simula roon. Naisaayos na natin iyon hanggang sa ikalabindalawa, ngunit alinsunod sa únawaan na maaari tayong magpatuloy maging hanggang sa isa pang linggo pagkatapos nun, sadyang nakadepende lamang sa kung paano ang pangunguna ng Espiritu Santo. Nais nating lahat na mapangunahan tayo ng Espiritu; sadyang kung ano lang ang sinasabi ng Espiritu na gawin, kung gayon ay gawin ito kaagad-agad.

<sup>16</sup> At tandaan natin na habang sinusunod natin ang Espiritu, ang isang dakilang aral na gusto nating matutunan, ay huwag maging mapagmadali. Kita n'yo, magdahan-dahan lamang

kayo, sumampalataya. Kung humiling tayo sa Diyos ng anumang bagay, tandaan n'yo na tinutugon ng Diyos ang panalangin. Tinutugon Niya iyon sa Kanyang panahon, sa paraan na pinakamainam, ginagawang maganap iyon nang sadyang husto para sa atin. At kung hindi iyon ganoon, kung gayo'y ano ang ginagawa natin dito ngayong umaga? Ano—para saan na nag-aangkin tayo ng Cristianismo? Ang Diyos. . . Kung hindi ito ang Salita ng Diyos, kung gayon ay hindi Ito totoo, kung gayon ay masusumpungan tayo sa gitna ng mga tao bilang siyang pinakamiserable.

<sup>17</sup> Lubos akong nagagalak na makipagkaisa ng puso sa marami rito na nakakaalam na Ito ang di-maaaring-magkamali na Salita ng Diyos. Kung gayo'y Ito, bawat Salita Nito ay ang Katotohanan, bawat Salita Nito, bawat bahagi Nito. At sa biyaya ng Diyos, ay nagkaroon ako ng pribilehiyo na makita ang Lupain kung saan tayo maglalakbay balang araw.

<sup>18</sup> Kahapon. Hindi alam ng mga tao kung anong nakakalungkot na mga panahon ang dumarating kaakibat ng ganitong uri ng ministeryo. Nalungkot talaga ako, at nasabi ko sa asawa ko, “Sana’y nagtuloy-tuloy na lang ako.”

Sabi niya, “Bakit mo sinasabi ’yan, Bill?”

Sabi ko, “Oh, dito ay may mga problema ako at gayong mga bagay.”

<sup>19</sup> At pagkatapos para bang sinabi ng Espiritu Santo, “Sinisikap mo bang laktawan ang mga iyon? Ikaw ba, pinagsusumikapman mo bang iwasan ang mga iyon?” Kita n’yo?

<sup>20</sup> “Hindi,” sabi ko, “hayaan Mo pong tumayo ako mismo sa harapan nitong lahat at harapin ito. Tingnan, na sadyang. . .” Kita n’yo?

<sup>21</sup> Iyon ay lubos na lalong mainam. Sa pagtatapat, tunay, na sinasabi ko ito bilang nakasaksi, na pagkatapos lamang ng buhay na ito, papasok na tayo sa isang Lupain na higit pa sa anumang kayang isipin ninuman. At kung may mga baguhan man dito, umaasa akong hindi n’yo. . . idinalangin ko sa Diyos na hindi n’yo ako ibibilang na isang panatiko. Ako—nais kong, kung ano man, ay ang maging matapat at sabihin ang Katotohanan. At anong buti ang maidudulot nun sa akin na sabihin ang isang bagay na mali, gayong mayroong labis—may napakaraming naririto na Katotohanan? Tayo, bakit kailangan pa nating magsalita ng anumang mali patungkol dito? Kita n’yo? Ito, sadyang Katotohanan Ito.

<sup>22</sup> At, kaya pala, naniniwala akong inagaw si Pablo paakyat sa ikatlong langit, at nakita niya ang mga bagay na hindi angkop para kanyang ipangusap. At sinabi niya isang araw, “Hindi nakita ng mata, hindi narinig ng tainga, ni pumasok man sa puso ng tao, kung ano ang inihanda ng Diyos sa kanila (inilaan) na nagsisiibig sa Kanya.”

<sup>23</sup> Oh, sadyang tayo ay nabubuhay . . . Nabubuhay tayo sa isang tambakan dito sa ibaba, ganoon lang, bunton lang ng basura na puno ng—ng makapal na usok mula sa basura. Na . . . Kahit pa hindi tayo kontaminado nito mismo, nakatira naman tayo rito, kung saan nanggagaling ang usok mula sa umuusok na mga baga ng kasalanan. Isa sa mga pinakanakakasukang bagay na maiisip ko, ay ang isang nasusunog na tambakan ng basura ng siyudad. Nakalapit na ba kayo sa isa nito? 'Yung nakaririmarim, na kontaminadong amoy ng usok na nagbubuhay sa lahat ng uri ng dumi. At—at makalanghap ka lang nito, at talagang pinaaurong ka na nito pabalik.

<sup>24</sup> Naaalala ko kapag kailangan ko noong magpunta sa New Albany, doon sa . . . sa ibaba ng Eighteenth Street, doon kung saan naroon dati 'yung lumang tambakan, at kailangan kong mangolekta roon at magbasa ng mga metro. At talagang kinahihilakbutan ko 'yung araw kung kailan iyon, rutang ikalabingwalong kalsada, kapag kailangan kong puntahan iyon doon, dahil iyon ay ang maamoy ang nakaririmarim na amoy na iyon. At bukod pa roon, naroroon ang mga bangkay ng mga daga at ng mga aso at lahat na, alam n'yo na, na nasusunog at 'yung usok na nanggagaling rito.

<sup>25</sup> Ngayon, gayunman, doon maihalalintulad ang buhay na ito, sa pinakamainam nito. Isang nasusunog lamang, sadyang nangangamoy na kasalanan sa lahat ng dako, na ganoon nga iyon, sa espirituwal na pananalita. Ngunit, oh, kung saan umiihip nang malaya ang hangin, at ang lahat ng bagay ay maganda at kapayapaan at kagalakan at Buhay na Walang Hanggan, doon lamang sa kabilang ibayo ng ilog. Subalit tayo ay nasa labanan, kaya huwag lang tayong humilata at sabihing “magmadali tayo at tumawid na roon,” isama na natin ang bawat isa na madadala natin. Oo.

<sup>26</sup> At ngayon ang layunin ng mga pag-aaral na ito ay upang iangkla 'yung mga nakatawid na sa Lupain. Ang layunin nito, ng pag-aaral ng Aklat na ito ng Efeso, ay ang iposisyon sa lugar ang iglesya kung saan ito ganap na tumatayo kay Cristo. Ito ay isang tipo ng Lumang Tipan at ng Aklat ng Josue, kung saan namahagi si Josue. Natalakay na natin iyon noong nakaraang Linggo, kung saan binaha-bahagi ni Josue ang lupain sa bawat tao. At ginawa niya iyon sa pamamagitan ng inspirasyon.

<sup>27</sup> Kung paanong si Moises ay . . . dinala ang mga tao palabas ng Egipto, 'yung bawang, sibuyas, palabas, at binigyan sila ng isang lugar kung saan ipinangako ng Diyos apat na raang taon pagkatapos . . . o apat na raang taon bago pa, na dadalhin Niya sila sa isang lugar, isang mabuting lupain na binubukalan ng gatas at pulot. At pinangunahan ni Moises ang mga anak ni Israel hanggang doon sa lupaing iyon, ngunit hindi niya sila itinawid.

<sup>28</sup> At si Jesus, sa espirituwal, sa mga tao na . . . pinangakuan tayo ng isang Espiritu Santo mula pa nang pasimula, pinangunahan tayo ni Jesus hanggang sa pangakong iyon. Ngunit dumating ang Espiritu Santo, gaya ni Josue, upang mamuno at manguna at mamahala at upang angkinin ang lupain, o angkinin ang iglesya. Napag-alaman natin, bilang batayan, kung gayon, na sa ating . . .

<sup>29</sup> Ngayon dito ay kung saan, marahil, baka isipin ng mga tao na wala akong galang at sinisikap na pawalang-halaga ang mga kapatiran. Hindi po! Ang Diyos ang aking maging Tagahatol, hindi po. Kita n'yo? Sinisikap ko lang na puntuhin ang isang bagay na siyang Katotohanan. Kita n'yo? Pumili na tayo ng mga pinuno, na mga tao, sa halip na ang pangunguna, mga tagapanguna, mga pangunguna ng Espiritu Santo. Ginusto na natin ng mga tao na sila na ang maggawad ng ating bahagi at upang pangunahan tayo, mga denominasyong gaya ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, church of Christ, Pentecostal, at iba't ibang mga denominasyon, upang gawin ang isang organisasyon na isang halimbawa, at sinusundan natin iyon. Ngunit tayo ay . . .

<sup>30</sup> Wala saan man sa Biblia na dapat nating gawin ang ganoon. Walang isa mang teksto ng Kasulatan, sa buong Biblia ng Diyos, kung saan inorganisa Niya kailanman ang iglesya o kung saan nangusap Siya kailanman tungkol sa isang organisasyon, walang isa mang dako sa Biblia. Kundi lagi pa ngang laban dito. Ayaw Niya tayong maging kaanyo ng mga bagay ng sanlibutan. Gusto Niya na kakaiba tayo, mga ibinukod.

<sup>31</sup> Hindi ko naman ibig sabihin na maging “hibang” ha, gaya nga ng tawag natin dito. Ang ibig kong sabihin ay maging isang bayang tinawag palabas, oh, isang pinagpalang bansang banal, na namumuhay ng mga buhay na hindi kadusta-dusta, kumikilos, kumikilos sa ating mga sarili na katulad Niya, na gumagawa sa atin, sapagkat tayo ay Kanyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa.

<sup>32</sup> Ngayon, noong Miyerkules ng gabi, marami sa inyo ang wala rito noong Miyerkules ng gabi, ngunit nakarating na kami sa . . . sa palagay ko'y ika-3 talata na yata 'yon o ang . . . Hindi, ika-5 na talaga pala iyon.

. . . sa *pagkukupkop*, o ang paglalagay sa mga tao sa tamang lugar . . .

<sup>33</sup> Kung paanong ang Diyos, ay sinisikap na ilagay sa lugar ang Kanyang bayan. At kapag inilagay ng Diyos ang isa, kung gayon, oh, gusto naman ng buong iglesya na maging katulad ng isang iyon, magkaroon ng ganoon ding uri ng mga bagay, gumawa ng ganoon ding mga bagay. Iba-iba ang pagkakatabas sa atin, iba-iba ang pagkakagawa sa atin, magkakaiba ang mga katangian natin, at iba-iba ang pagkakaposisyon sa atin, ang

bawat isa para sa magkakaibang trabaho; marahil ang isa para sa isang maliit lang na uri ng gawain, ang isa nama'y para sa isang malaking gawain. Sa palagay ko'y si David iyon o isa sa mga propeta, nakalimutan ko na ngayon, ang sabi, "Mas mainam pa na ako'y maging isang punasan ng paa sa Bahay ng Panginoon, kaysa sa maging . . . manirahan sa mga tolda na kasama ng masa- . . . ng masasama."

<sup>34</sup> Ngayo'y hihinto tayo sandali sa pagkukupkop, sa ika-5 talata, sa pagsisikap na makapagpatuloy pa sa abot ng makakaya natin dito. Ngunit ngayon alalahanin n'yo ang tema, sa kabuuan ay tungkol ito sa paglalagay sa tamang lugar. Ilan ang nakakaunawa niyon? Pakinggan nga natin na sabihin ninyo iyon sa isang salita. Paglalagay [Sinasabi ng kongregasyon, "Paglalagay"—Pat.] sa Katawan ["sa Katawan"] ni Jesus Cristo ["ni Jesus Cristo"] sa posisyon ["sa posisyon"] kay Cristo ["kay Cristo"] kung saan ang Espiritu Santo ["kung saan ang Espiritu Santo"] ay pinangungunahan tayo. ["ay pinangungunahan tayo."] Hayan na, ngayon nakuha na natin ito, kita n'yo. Pagposisyon sa atin, ang Aklat ng Efeso ang gagawa niyon.

<sup>35</sup> At pagmasdan ninyo ang punong guro na ito, si Pablo. Ang unang bagay na ginawa niya ay wasakin ang lahat ng kaisipan tungkol sa pagtalikod. Wasakin ang lahat ng kaisipan ng "pagiging isang Cristiano ngayon at bukas ay wala na naman ako, at nang sumunod na araw ay kinokondena ako ng Diyos at nang sumunod na araw na naman ay bumalik akong muli." Walang kabuluhan iyan! Ngayon ito ay . . . Ang Aklat na ito ay hindi nakapatungkol sa pang-ebanghelikong katuruan, mga pangaral ng mga ebanghelista. Hindi natin . . . hindi ko ito tinatalakay sa labas. Dinadala ko ito sa iglesya, dahil sa inihatid ito ni Pablo sa mga banal, yaong mga tinawag at iniingatan, at mga pinuspos at ibinukod na, at nasa Espiritu Santo na, nasa Lupain na ng Canaan. Sinisikap niyang sabihin sa kanila, ang unang bagay, alisin n'yo sa isip n'yo na mapapahamak kayo at na gagawin ninyo ang *ganito*, at natatakot kayo sa *ganito*. Huwag kayong matakot sa kahit ano pa man, sapagkat sinisikap niyang sabihin sa inyo kung saan kayo naroroon, kung sino kayo, gaano na ang katayuan ninyo.

<sup>36</sup> Ngayon, maaaring makagawa kayo ng mga bagay na mali, at sa tuwing makagagawa kayo ng anumang bagay na mali ay pagbabayaran n'yo ito. Siyanga, po, aanihin ninyo ang inyong itinanim! Ngunit walang anumang kaugnayan iyon sa inyong pagkakaligtas. Kapag ipinanganak kayo ng Espiritu ng Diyos, ay may taglay na kayong Buhay na Walang Hanggan at hindi na maaaring mamatay pa kung paanong hindi rin maaaring mamatay ang Diyos. Bahagi kayo ng Diyos, anak kayo ng Diyos.

<sup>37</sup> Ipinanganak akong Branham. Maaari ninyo akong gawan ng ibang pangalan, ibang pangalan, ngunit hindi iyon

makakabawas sa akin, Branham pa rin ako. Ipinanganak akong Branham, sa tuwina'y magiging Branham. Ako'y . . . maaaring lubos na masira ang anyo ko balang araw, nakuba na dahil sa arthritis, napinsala at ganap nang baldado hanggang sa magmukha na akong isang hayop, subalit magiging Branham pa rin ako! Bakit? Dugong Branham ang nasa loob.

<sup>38</sup> Ganoon kayo. At hangga't ginawa kayo ng Diyos . . . Ngayon tandaan n'yo, hindi 'yung mga labas kay Cristo ang kausap ko. Ang mga kausap ko ay 'yung mga na kay Cristo na. Papaano ba kayo makakapasok kay Cristo? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu!" Malaking titik E-s-p-i-r . . . na ang ibig sabihin, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu Santo ay nabautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan." Paano tayo . . . Paano tayo makakapasok? Sa pamamagitan ba ng bautismo sa tubig? Lubos akong di-sumasang-ayon sa inyo na mga Baptist at sa inyo na mga church of Christ. Hindi sa pamamagitan ng bautismo sa tubig, talagang hindi! Unang Mga Taga Corinto 12, ang sabi, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu, Espiritu Santo, ay dinadala tayo sa Katawan na iyon." At sadyang ligtas tayo na kasing ligtas ng Katawan na iyon. Ang Diyos ay . . . ipinangako ito.

<sup>39</sup> Papaano Siya muling hahatulan ng Diyos, gayong pumunta na Siya sa Kalbaryo? Sa pag-akyat doon sa Golgota, pinaghahampas Siya, sinugatan, hindi Niya maaaring pagalingin, ni hindi Siya makapagsalita ng isa mang salita, halos. Dahil bakit? Pasan-pasan Niya ang mga kasalanan ng sanlibutan. Hindi dahil sa makasalanan Siya, kundi "Siya ay naging kasalanan" para sa akin at para sa inyo. Lahat ng mga kasalanan ng sanlibutan magmula kay Adan hanggang sa pagparito Niya, ay nakapasan sa Kanyang balikat. At hindi pinarurusahan ng Diyos ang Kanyang Anak. Ang pinarurusahan Niya ay ang kasalanan. Nakita n'yo na kung gaano katindi iyon? Binabayaran Niya ang ating utang. Gumagawa Siya ng daan ng pagtakas para sa lahat ng mga alam na ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, na magsisilapit. Tutungo na tayo diyari sa ilang sandali.

<sup>40</sup> Ngayon, kung gayon, kapag kayo'y "sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo tungo sa Katawan na iyon, isang Katawan, na si Cristo," at ligtas na tayo magpakailanman.

<sup>41</sup> Ngayon, para bang tumatama ito nang kakaiba roon, lalo na sa—sa—sa mga mananampalatayang Arminian, na sila ay . . . kailangang may bagay na gawin upang maging karapat-dapat ang kanilang sarili, o kung anong nagawang katangi-tanging bagay. Papaano naman iyon magiging sa pamamagitan ng dalawang bagay na sabay? Iyon ay alinman sa biyaya o sa gawa, isa lang. Hindi maaaring sa pamamagitan ng parehong bagay, sa pamamagitan ng dalawang magkaibang bagay; kinakailangan na sa pamamagitan ng isa lang. Ito'y . . .



42 Ako, naku, talagang wala na akong makita pang iba kundi ang biyaya lamang ng Diyos. Iyon ang bumubuo sa akin. Noon pa'y naniniwala na ako sa biyaya. Sadyang ako ay biyaya sa kabuuan, ganoon lang. Hindi sa ako—ako . . . maging sa buhay ko, noong bata pa ako, wala na akong makitang anuman, kundi biyaya lamang, biyaya. Sabi nila, “Ako—ako’y . . . Kamutin mo ang likod ko at kakamutin ko ang likod mo.” Buweno, isang di-kanais-nais pakinggan na kasabihan iyon. Subalit wala akong pakialam kung kamutin mo man ang likod ko o hindi, kung kailangang kamutin ang likod mo, kakamutin pa rin kita. Kita n’yo, biyaya. Siyanga, po. Kita n’yo, gumagawa ang biyaya sa pamamagitan ng pag-ibig. Kung kailangan mo iyon! Kahit pa wala kang anumang ginawa para sa akin, ako—wala man akong anumang kinalaman sa iyo, gagawin ko pa rin iyon kung kailangan mo ito. Biyaya! Dahil sa kailangan mo ito!

43 Kailangan ko ng pagliligtas. Walang makapagligtas sa akin. Wala akong magawa tungkol sa sarili ko, hinding-hindi ko kayang ilitas ang sarili ko kung paanong walang paraan talaga. Ngunit kailangan ko ng pagliligtas, dahil naniniwala ako sa isang Diyos. At isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, na nilikha sa wangis ng makasalanang laman, upang magdusa na kahalili ko, at naligtas ako, tanging sa pamamagitan ng biyaya lamang ako naligtas. Wala akong magagawang isa mang bagay, ni magagawa man ninyo, upang ilitas ang inyong sarili. At ang mga una na Niyang nakilala bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan . . .

44 Natalakay na natin iyon, noong nakaraang Miyerkules. Isinalarawan natin ang Diyos sa Kanyang pagiging Elah, Elohim, at ipinakita na Siya ay nasa pagiging mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan. Subalit sa loob Niya ay ang pagiging Ama, sa loob Niya ay may iba’t ibang katangian, gaya ng isang Tagapagligtas, gaya ng isang Tagapagpagaling. Nasa Diyos lahat ng iyon, at kusang walang hanggang nabubuhay na mag-isa noon ang Diyos. Subalit dahil sa isa Siyang Tagapagligtas, Siya ang Am- . . . Wala Siyang Anghel noon, wala Siyang anupaman noon. Walang kahit ano noon kundi ang Kanyang Sarili lang. Mag-isa lang Siyang kusang nabubuhay nang walang hanggan. Wala nang iba pang nabubuhay noon kundi ang Diyos lang.

45 Subalit dahil sa Siya ay Diyos, kung gayon ay dapat na may sasamba sa Kanya, dahil gustung-gusto Niya ng pagsamba. At ang Kanyang Sarili Mismo ang lumikha ng mga nilalang upang sumamba sa Kanya. Ngayon, pansamantala, ay daanan natin itong muli, pansamantala lang ha, hindi na natin tatalakayin ang buong bagay, pero makukuha n’yo iyon sa teyp. Ngunit pagkatapos dahil nga sa Diyos Siya, gumawa Siya ng mga Anghel, at sinamba Siya ng mga Anghel. Sinasamba pa rin Siya ng mga Anghel. Aba, ang mga Anghel na nakatayo sa

Presensiya ng Diyos ay may anim, pares-pares na mga pakpak, anim na pakpak. Nasa may mukha Nila ang dalawa, dalawa sa may paa Nila, at lumilipad sa dalawa, sa Kanyang Presensiya, na sumisigaw nang araw at gabi, “Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Iyon ang sinasabi ng Kasulatan. Sinasamba Nila Siya, ngayon ay gumawa iyon ng bagay upang sumamba sa Kanya.

<sup>46</sup> Pagkatapos sa loob Niya ay may isang katangian ng pagiging Tagapagligtas. Papaano na ang isa sa mga Nilalang na iyon, gayong walang kasalanan o walang kaisipan ng kasalanan, papaano maliligaw ang isa man sa Kanila? Hindi maaari iyon. Kaya kinailangan na may bagay na malikha na maaaring maligaw, upang Siya ay maging Tagapagligtas. Sa loob Niya ay isang Tagapagpagaling. Naniniwala ba kayong isa Siyang Tagapagligtas? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naniniwala ba kayo na isa Siyang Tagapagpagaling? [“Amen.”] Ngunit paano kung wala namang kahit ano na ililigtas o pagagalangin? Kita n’yo, kailangang mayroong malikha nang ganoon.

<sup>47</sup> Kaya ngayon, hindi Niya ginawa iyon nang ganoon, ngunit binigyan Niya ang tao ng malayang pagpili, “Kung pipiliin mo *ito* ay mabubuhay ka, kung pipiliin mo *iyon* ay mamamatay ka.” At ang bawat tao na isinisilang sa mundo ay nasa ganatong pa ring kalagayan. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay alam na kung sino ang pipili rito at kung sino ang hindi. Kung ang Diyos bilang. . .

<sup>48</sup> Itinanong ang naturang katanungan kahapon ng isang teologo, sa akin, na matagal nang dumadalo sa mga pagtitipon o nakikinig ng teyp, ang sabi, “Isang tanong!” Sabi niya, “Kung gayo’y sumasa-lahat-ng-dako ang Diyos? Kung gayon,” sabi niya, “maaari Siyang maging nasa lahat ng lugar?”

<sup>49</sup> Sabi ko, “Hindi Siya sumasa-lahat-ng-dako sa paraan na tinutukoy ng salita ang pagiging sumasa-lahat-ng-dako. Hindi Siya puwedeng maging isang Persona at saka sumasa-lahat-ng-dako. Kung Siya’y sumasa-lahat-ng-dako, bakit ka pa mananalangin para sa Espiritu Santo? Kung Siya’y sumasa-lahat-ng-dako, pinupuno Niya ang bawat bitak, sulok, butas, bawat selula, himaymay, lahat na ng bagay na mayroon.” Sabi ko, “Bakit pa Niya hinanap noon si Moises, kung Siya’y nasa lahat ng dako, sa bandang huli? Bakit pa Siya nagpabalik-balik noon sa halamanan ng Eden, sumisigaw ng, ‘Adan, Adan, saan ka naroon?’ kung Siya’y sumasa-lahat-ng-dako?”

<sup>50</sup> Siya’y sumasa-lahat-ng-dako dahil sa alam Niya ang lahat ng bagay. Alam Niya ang lahat ng bagay dahil Siya’y walang hanggan, ang pagiging walang hanggan ay ginagawa Siyang isang sumasa-lahat-ng-dako. Dahil sa pagiging sumasa-lahat-ng-dako, saka, pagiging walang hanggan, saka, nakaupo Siya

sa Kalangitan. Nananatili Siya sa isang lugar dahil isa Siyang Persona.

51 Subalit, sa pagiging walang hanggan, kung gayo'y alam Niya ang lahat ng bagay. Alam sa tuwing kukurap ang niknik. Alam ang bawat bubuyog, kung saan pumapasok ito sa bahay ng pukyutan upang kumuha ng pulot nito. Alam Niya ang bawat ibong maya na dumadapo sa puno. Alam Niya ang bawat iniisip mo sa iyong isipan, dahil sa Siya ay walang hanggan at nakakaalam ng lahat ng bagay. Iyon ay, hindi lang Siya walang hanggan, alam pa Niya ang lahat ng bagay, nalalaman Niya lahat. Ngunit isa Siyang Persona, ang Diyos ay isang Persona, at mula sa Personang ito ay nag-umpisang lumitaw ang mga ito.

52 At ang kasalanan, sabi ng nga noong isang gabi, hindi nilikha ang kasalanan. Walang anumang nalikha kundi kasakdalan. Ang Diyos ay ginawang mabuti ang lahat ng bagay. Ang kasalanan ay hindi nilalang. Sabi, "Buweno, 'yan ang mismong pagkalikha ng kasalanan." Narinig n'yo na iyon. Ngunit mali 'yon. Ang kasalanan. . . May iisa lang na Manlilikha, ang Diyos iyon. Hindi puwedeng likhain ng Diyos ang kasalanan, sapagkat Siya'y banal at walang anumang bagay sa Kanya upang malikha iyon. Ang kasalanan ay pagbabaluktot; hindi paglalang, kundi pagbabaluktot ito. Ang pangangalunya ay isang matuwid na akto na binaluktot. Ang kasinungalingan ay katotohanan na sinabi nang mali. Anumang kasalanan, ang anumang kasalanan ay katuwiran na binaluktot.

53 Kung kaya't ngayon, nagsasaayos ang Diyos. Inilantad na Niya ang Kanyang Sarili, Siya ay Diyos. Ipinamalas na Niya ang Kanyang Sarili bilang isang Tagapagligtas, naligaw ang tao at iniligtas Niya ang mga ito. Ipinamalas na Niya ang Kanyang Sarili bilang isang Tagapagpagaling. Walang kaibahan maging ano pa man Siya ayon sa sinasabi ng mga tao; at Siya nga, anu't ano man, ay ganoon pa rin naman. Siya ay isang Tagapagpagaling, Siya ay isang Tagapagligtas, Siya ay Diyos, Siya ay Walang Hanggan. At may layunin Siya. At ang layunin Niya ay, sa pasimula, ang lumikha Siya ng mga nilalang na magmamahal sa Kanya at sasamba sa Kanya.

54 At gumawa Siya ng mga nilalang, at nahulog ang mga nilalang na ito. At pagkatapos ang Diyos, sa pagiging walang hanggan Niya, ay tumingin sa buong daloy ng panahon at nakita ang bawat tao na maliligtas. Ang bawat tao, alam na Niya iyon sa pamamagitan ng paunang kaa-. . . sa pamamagitan ng paunang kaalaman. Kung gayo'y kung Kanyang, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, alam na kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas, makakapagtalaga Siya. Kaya, 'yung salitang iyon ay hindi naman pala pangit na salita, di ba? Makapagtatalaga Siya una pa lang, dahil alam Niya kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi. Kaya naman, para makuha 'yung mga maliligtas, kinailangan Niyang gumawa ng isang—

isang pantubos para sa kanilang mga kasalanan. Oh, kung magagawa nating, gusto nating makarating na rito, ilang talata na lamang pababa. Itinalaga Niya tayo nang una pa tungo sa Buhay na Walang Hanggan, na nalalaman na yaong mga magsasantabi ng lahat, at kahit gaano pa kawalang-kuwenta ito sa paningin ng mga anak ng sanlibutan, ay walang anumang halaga iyon sa kanila, sapagkat mga anak sila ng Diyos. At tinawag Niya sila.

<sup>55</sup> At isinugo Niya si Jesus, nang sa gayon ang Kanyang Dugo ay maging pantubos sa kasalanan, Dugong pantubos sa kasalanan, upang maging kabayaran para sa kasalanan, o isang—isang katanggap-tanggap na handog-pantubos, o isang paglilinis. Isang proseso ng paglilinis upang patuloy na...Hindi lang isang beses sa isang rebaybal, kundi “patuloy na nabubuhay, namamagitan,” na pinananatiling malinis ang Cristiano araw at gabi. Naroon ang Dugo ni Jesus Cristo na gumagawa doon sa krus ng isang—isang katanggap-tanggap na handog-pantubos, sa...sa Presensiya ng Diyos, na patuloy tayong nililinis, araw at gabi, mula sa lahat ng kasalanan. At ligtas tayong nakapasok na. Papaanong nakapasok? Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tungo sa Katawan ng Panginoong Jesus, at ligtas na. “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay.” Wala nang paghatol pa! Hindi kailanman paroroon sa paghatol ang Cristiano. Pumaroon na si Cristo para sa kanya. Tumayo na sa lugar ko ang aking Abogado. Ipinagtanggol na Niya ang aking kaso, na ignorante ako. Sinabi Niya sa Ama na hindi ako karapat-dapat, na ignorante ako. Ngunit inibig Niya ako at pumalit Siya sa puwesto ko, at ipinagtanggol ang aking kaso, at sa araw na ito ako’y malaya na! Siyanga, po. At ibinubo Niya ang Kanyang Dugo, upang ihandog doon para sa ating mga kasalanan.

<sup>56</sup> Tandaan n’yo noong nakaraang Miyerkules ng gabi, walang Cristiano...nagkakasala ang Cristiano, ngunit hindi maaaring magkasala ang makasalanan. Hindi nagkakasala ang isang makasalanan, dahil sa makasalanan na siya. Sadyang makasalanan na siya umpisa pa lang, at ganoon lang. Heto, ipagpahalimbawa ang—ang likod ng aklat na ito, itim ito, gaano ba kalaki ang pagka-itim nito? Itim ito sa kabuuan. Talagang walang puti rito, itim ito. Sasabihin n’yo, “*Ganito kalaki rito.*” Hindi, hindi ganun, ang buong bagay ay itim. Itim ito sa kabuuan. Ganoon ang makasalanan. Sadyang nahatulan na siya sa simula pa lang. Buweno, sasabihin n’yo, “Paano kung nangalunya siya? Paano kung may pinagsamantalahan siyang babae? Paano kung siya—paano kung nagsusugal siya? Paano kung may binaril siya?” Wala na tayong pakialam pa roon. Wala na tayong pakialam pa roon, may mga batas tayo

rito na siya nang bahala roon. Hindi naman tayo mga taga-reporma, mga mangangaral tayo ng Ebanghelyo. Hindi natin siya hinahatulan sa ginawa niya, hindi natin siya hinahatulan sa pangangalunya. Hinahatulan natin siya dahil isa siyang makasalan! Kung Cristiano siya, hindi niya gagawin iyon. Siyanga. Kung nabago na siya, hindi niya gagawin ang ganoon. Ngunit dahil makasalanang nga siya, iyon ang nagbubunsod sa kanya na gawin iyon.

<sup>57</sup> Doon nabubuwal mula sa—sa kinatatayuan ang mga legalista. Siyanga, po. Kapatid, hayaang sabihin ko sa inyo, “Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, kundi sa biyaya tayo’y naligtas, at iyon ay sa pamamagitan ng pananampalataya.” Siyanga, po. Ngayon, hindi ko hahatulan ang mga kapatid na legalista, mga kapatid ko sila. At paroroon sila kung paanong ang sinuman sa iba pa sa kanila ay paroroon din, dahil itinalaga na ng Diyos nang una pa ang Kanyang Iglesya na maparoon. Subalit ang bagay lang, inyong—patuloy n’yong labis na nililigalig ang mga tao, hindi na nila alam kung ano. “Ngayon, buweno, siguro kung aking—aking. . .” Basta ipaalám n’yo lang sa kanila; hangga’t mayroon silang pagkagutom sa sanlibutan, wala sila roon sa una pa lang.

<sup>58</sup> Hindi ako namumuhay nang tapat sa asawa ko dahil lang sa iniisip kong ididiborsiyo niya ako. Namumuhay akong tapat sa aking asawa dahil sa mahal ko siya. Isa itong legal na katayuan na pinili namin, na mahal namin ang isa’t isa. Una, bago pa man ito napunta roon, kinakailangan na pagmamahalan muna iyon. Mahal ko siya. Bagama’t naniniwala akong kung makagawa ako ng bagay na mali, ay patatawarin naman niya ako, gayunma’y hindi ko pa rin gagawin iyon ano’t ano man. Mahal ko siya.

<sup>59</sup> Ganoon din kay Cristo. Kung ako—kung mabubuhay ako. . . Limampu na ako, kung mabubuhay man ako ng siyamnapu o isandaan, na madagdagan pa ng limampung taon para mangaral; at hindi na ako nangaral ni isang pagkakataon, pupunta na lang doon at mauupo sa ilog, ligtas pa rin ako ano’t ano man. Iniligtas ako ng Diyos sa Kanyang biyaya, na hindi ko naman marapat na tinamo ano pa man ang magagawa ko, ginawa, o ano pa mang iba. Nangangaral ako dahil sa mahal ko Siya at mahal ko ang Kanyang mga tao. At iyon ang dahilan kaya alam kong lumipat na ako mula sa kamatayan patungo sa Buhay, dahil sa mahal ko sila at hinahanap ko sila. Maging ano pa mang uri ng kondisyon ang kinalalagyan nila, hinahanap ko pa rin sila. Humayo at kunin mo pa rin sila, hatakin pa rin sila. Kung hindi man sumasang-ayon ang mga ministro at ang iba’y di-sumasang-ayon, at di-sumasang-ayon ang mga denominasyon, hindi iyon nakapigil sa akin. May bagay talaga! Hindi iyon nakapigil sa Kanya! Pumunta Siya mismo sa gitna ng kawalang pananampalataya, at hindi iyon nakapigil sa Kanya, sumulong

pa rin Siya. Ganoon ang ginagawa natin, humahayo at kinukuha sila, agawin sila sa paano mang paraan. Kahit pa, abutin, hablutin, hawakan nang buong lakas ninyo. Hindi n'yo man alam kung sino sila. Iigtas ninyo sila. Dahil iyon sa pag-ibig. Hindi dahil “kailangan kong gawin,” kundi dahil nagmamahal ako, dahil nagmamahal kayo.

<sup>60</sup> Halimbawa, “Kailangan kong humayo at itama iyon sa babaeng iyon, pero, sinasabi ko sa iyo ngayon mismo, palagay ko dahil nagsisimba naman ako ay kailangan ko ngang itama iyon.” Hindi, ikaw ang dapat na maitama, muna. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung wala ang pag-ibig ng Diyos sa iyong puso, may kung anong bagay na ganoon na nagpapaalám sa iyo na mali ka, kung gayon ay humayo ka—kung gayon ay humayo ka at itama mo iyon sa Diyos. Saka mo itama iyon sa iyong kapwa.

<sup>61</sup> Ganoon din ang itinuro ni Jesus. Sabi Niya, “Kung dudulog kayo sa isang dambana, at mayroong isang...maalala na mayroon kang anumang laban sa isang kapitbahay o sa kapatid, humayo at ayusin mo ito sa kanya, muna.”

<sup>62</sup> Ngayon, ngayon sa mga kapanahunan naman na darating. Natalakay natin noong Miyerkules ng gabi, “ang mga pagkahayag.” Matatalakay natin iyon muli ngayong umaga, sa “mga pagkahayag ng mga anak ng Diyos.” Sa ibang salita, ay naghihintay ang Diyos. At pagkatapos sa huling panahon kapag tumayo na tayong lahat sa harapan Niya. Hindi naligaw ang mga Anghel. Hindi nila malalaman kung paanong masiyahan sa mga pagpapala na tulad natin, hindi naman sila kailanman naligaw. Ngunit alam ko ang pinagmulan ko, alam ko ang bato na pinagtapyasan sa akin, isang makasalanan. Alam n'yo kung saan kayo tinapyas. Ngayon na natagpuan na tayo, kung gayo'y makatatayo na tayo sa harap ng Diyos. Oh, kay dakilang araw niyon!

<sup>63</sup> Pagkatapos ay ang pagkukupkop, ang paglalagay sa lugar. Ngayon, kasalukuyan na itong isinasagawa ng Diyos. At ngayon kung maiparating ko lang sana ito sa inyo, pagkatapos ay mag-uumpisa na tayo ngayon din sa ika-5 talata, gusto ko Itong basahin.

*Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng Sarili Niyang kalooban,*

<sup>64</sup> Kasiyahan ng Diyos na gawin ang Kanyang kalooban, ang pagkukupkop, ang paglalagay sa lugar. Ngayo'y ano ba ang ginagawa Niya? Inilalagay sa lugar ang Kanyang Iglesia. Una, tinawag Niya ang Kanyang iglesia, Methodist, Presbyterian, Lutheran, Baptist, tinatawag sila. Pagkatapos anong ginawa Niya? Ipinadala ang Espiritu Santo at ipinagkaloob sa kanila ang bautismo ng Espiritu Santo.

65 Gusto kong alisin ninyo ito na mga taong Pentecostal sa inyong mga puso. Ang pentecostes ay hindi isang denominasyon; ang pentecostes ay isang karanasan. Ito ang Banal na Espiritu. Hindi ito isang organisasyon. Hindi mo maaaring organisahin ang Banal na Espiritu. Hindi Niya papayagan ito. Ngayoy may isa na kayong organisasyon na tinatawag ninyo nang ganoon, subalit lumalabas na ang Banal na Espiritu at hinahayaan kayong manatili mismo diyan kung saan kayo naroroon, at basta na lang nagpatuloy Ito. Kita n'yo? Ang pentecostes ay hindi isang organisasyon; ang pentecostes ay isang karanasan.

66 At pagkatapos ay binigyan ng Diyos ang Kanyang mga anak ng bagong Kapanganakan, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Halos nakaabot na sila Rito mismo noong nilinis nila ang kanilang mga sarili, sa pamamagitan ng Nazarene, Pilgrim Holiness. Pagkatapos ay dumating sa karanasan ng pentecostes, o sa bautismo ng Banal na Espiritu, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob. Nagsipagsalita sila sa iba't ibang wika at ipinapaliwanag ang mga wikang iyon, at pinagkalooban ng mga kaloob ng pagpapagaling at mga himala, at ang mga tanda at mga kababalaghan ay nagsimulang sumunod sa kanila. Ngayon mga anak sila, mga anak sila ng Diyos. Nakaposisyon na sila kay Cristo. Naging mga anak sila sa pamamagitan ng Kapanganakan. At ang bagong Kapanganakan at ang pagka-convert na iyon Mismo ay ang Banal na Espiritu.

67 Ni hindi pa kayo na-convert hanggang sa matanggap n'yo na ang Banal na Espiritu. Iyon ang sabi ng Kasulatan. Ang sabi ni Jesus kay Pedro, tanungin n'yo ang sinuman, basahin ang inyong Kasulatan, inaring-ganap siya sa pananampalataya sa Panginoong Jesus, naging isang tagasunod, isang apostol. Ibinigay sa kanya ni Jesus ang mga susi sa Kaharian. At sa Juan 17:17, binanal Niya sila, pinagkalooban sila ng kapangyarihan, pinahayo sila, nagpalayas sila ng mga demonyo at gayong mga bagay, binanal sila. "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa Iyong Katotohanan. Ang Salita Mo ang Katotohanan. Pinababanal Ko ang Aking Sarili dahil sa kanila."

68 Isa iyon sa mga pinakamatamis na salitang narinig ko. "Ama, pinababanal Ko ang Aking Sarili dahil sa kanila." Alam n'yo bang may karapatan Siyang magkaroon ng tahanan? Tao Siya. Alam n'yo ba kung bakit may karapatan Siyang magkaroon ng asawa? Isa Siyang Tao. May karapatan Siya sa lahat ng mga bagay na ito, ngunit sinabi Niya, "Ama, pinababanal Ko ang Aking Sarili dahil sa kanila. Pinababanal ko ang Aking Sarili."

69 Nakipag-usap ako sa isang butihing mangangaral kahapon, mangangaral ako para sa kanya sa loob ng ilang gabi rito sa may highway. At tinanong ko siya tungkol sa isang bagay, sabi niya, "Oo, Kapatid na Branham, ngunit karamihan sa mga miyembro ko ay hindi naniniwala roon."

Sabi ko, “Legalista ba ang karamihan sa kanila?”

70 “Oo.” Hindi naniniwala roon ang kapatid. “Ngunit,” sabi niya, “para sa kapakanan nila!” Oh, gusto ko siyang yakapin. “Para sa kapakanan nila, alam mo, pinabanal ko ang aking sarili dahil sa kanila.”

71 Oh, nagsasanay noon si Jesus ng labindalawang kalalakihan, upang sa pamamagitan ng labindalawang lalaking iyon ay madala ang Ebanghelyo sa sanlibutan. At sabi Niya, “Dahil sa kanila’y pinabanal Ko ang Aking Sarili.” Pabanalin mo ang iyong sarili para sa kapakanan ng kapwa-tao mo, para sa kapakanan ng iba. “Huwag ninyong gamitin ang inyong kalayaan bilang balabal,” sabi ni Pablo, “kundi pabanalin ninyo ang inyong sarili!” Umasal ka nang maayos sa mga kapwa-tao mo, gaya ng nararapat sa isang tunay na Cristiano. Ang inyong mga pag-uusap ay maging, kung makaharap ninyo ang inyong kaaway, ay pabanalin ninyo ang inyong sarili alang-alang sa kanya, dahil hindi n’yo nalalaman kung ano ang maaari ninyong magawa.

72 Ngayon ang paglalagay na sa tamang posisyon ng anak. Ang unang bagay matapos na maisilang ang anak, isa na siyang anak, ngunit malalaman natin pagkatapos na ang kanyang asal ang siyang maglalagay sa kanya tungo sa pagkukupkop, kung umasal ba siya nang tama o hindi.

73 At ito’y ang—ang pentecostal. . .Ngayo’y hayaan n’yo lang na ipakita ko sa inyo na hindi isang denominasyon ang pentecostes. Ilan bang mga Baptist ang naririto na Baptist noon, na natanggap na ang Banal na Espiritu, patingin nga ng mga kamay ninyo. Kita n’yo? Ilan bang mga Methodist ang naririto na natanggap na ang Banal na Espiritu, itaas n’yo ang inyong mga kamay. Ilan bang mga Nazarene ang naririto na natanggap na ang Banal na Espiritu, itaas ang inyong mga kamay. Presbyterian, na natanggap na ang Banal na Espiritu? Kita n’yo? Lutheran? Iba pang mga denominasyon, na hindi kasapi sa Pentecost man lang, na kabilang lang sa kung ano man na denominasyon, na natanggap na ang Banal na Espiritu, patingin nga ng kamay n’yo. Kita n’yo? Kaya kung gayon hindi denominasyon ang pentecostes, ito’y isang karanasan.

74 Ngayon, dinala ka na ng Diyos papasok sa Katawan ni Cristo. Ano na ngayon ang gagawin Niya? Matapos mong mapatunayan ang iyong sarili, pinabanal ang iyong sarili sa iyong mabuting asal, masunurin sa Espiritu Santo, kahit na ano pa ang sabi ng sanlibutan.

75 Ako—ikakaskas ko ito nang talagang matindi, kita n’yo, dahil. . .Hindi ko naman ibig na maging magaspang. Ako—ako. . .pakiusap na huwag—huwag—huwag talaga, kita n’yo. Huwag n’yong isipin talaga na ako’y—ako’y malupit. Ako—hindi ko nais maging ganun. Ang pinangangambahan ko lang, ay ang



akayin mo ang mga tao at ipangaral sa kanila itong ipinadala ng Diyos na Katotohanan, at tatalikod naman sila at patuloy pa rin na gagawin ang gayon ding bagay, at sasabihin na taglay nila ang Banal na Espiritu. Sadyang halos sirain ka nun, kita n'yo. Ano ba'ng nangyayari? Bumabalik sila mismo sa siya pa ring bagay na iyon, kagaya lang ng mga anak ni Israel, gusto nila ng hari upang ang haring ito ang mamuno sa kanila at gawin silang umasta na gaya ng mga Amorrheo at ng mga Amalecita at ng mga Filisteo.

<sup>76</sup> Alam n'yo ba, mga binibini, na mali na magsuot ng pantalon? Alam n'yo ba iyon? Alam n'yo ba na mali na putulan ang buhok n'yo? Alam mo ba na mali, ginoo, na patuloy kang manigarilyo at kumilos ng ikinikilos mo? Alam mo bang mali na hindi ka maging asawang lalaki sa iyong sambahayan, na medyo sumumpong lang ang init ng ulo ng asawa mo at itinaboy ka palabas ng pintuan at ang sasabihin mo pa, “Oo, pagpalain ang puso mo, mahal ko, babalik din ako”? Alam mo bang... Papaano ka magiging tagapag-alaga sa Bahay ng Diyos kung ni hindi mo mapamahalaan ang sarili mong sambahayan? Iyan ay talagang tama. Alam mo ba, kapatid na babae, na hindi mo lang asawa ang iyong asawang lalaki, kundi tagapamuno mo pa siya? Sinabi ng Diyos ang gayon. Dahil sa ang asawang lalaki ay hindi nadaya, ang babae ang nadaya. At kayong mga mangangaral ay magpapatuloy naman na magtalaga ng mga babaeng pastora at mangangaral sa inyong mga iglesya, na alam n'yo na ngang kinokondena iyon ng Salita ng Diyos.

<sup>77</sup> Patuloy ninyong gagamitin ang pangalang iyon ng “Ama, Anak at Banal na Espiritu” para magbautismo, gayong wala naman sa Biblia ni isang katiting ng Kasulatan para doon. Gusto kong ipakita sa akin ng isang arsobispo o ninumang iba pa kung saan ang sinuman noon sa Biblia ay nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Banal na Espiritu.” Gusto kong ipakita ninuman sa akin ang sinuman na nabautismuhan sa anumang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus. Subalit ang kay Juan ay hindi... nabautismuhan, nabautismuhan sila sa paniniwalang Siya'y darating, subalit hindi nila alam kung sino nga Siya. Ngunit noong napagkilala na mismo nila iyon, kinailangan nilang lumapit upang mabautismuhang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. Gusto kong may isa na...Ako—hinamon ko na ang mga Assemblies of God, ang iba pang mga mangangaral, ang mga Baptist, Presbyterian, at lahat na. Ayaw nila, ayaw nilang magsalita tungkol dito. Gusto kong makita ang Kasulatan.

<sup>78</sup> At pagkatapos “panatiko” daw ako, huh, tapos “nababaliw” na daw ako, wala sa katinuan ko, na “sira-ulo” daw ako, dahil lang sa sinisikap kong sabihin sa inyo ang Katotohanan? Ngayon, 'yun ay—'yun ay tapatan, mga kapatid. Kapag ang isang tao ay kumbinsido na sa Diyos, kumbinsido ka na talaga nun, nang

buong-buo. Ikaw—ikaw—ikaw—ika’y—ika’y ibinukod na, ika’y—iba ka nang nilalang.

<sup>79</sup> Marami ang tinawag, kakaunti ang pinili. Oo, maraming tao ang tinawag, magkakaroon ng pagtawag sa iyong puso, “Oo, naniniwala akong mahal ako ng Diyos. Naniniwala akong ginagawa nga Niya iyon.”

<sup>80</sup> Ngunit, kapatid, iyon, ikaw ay maliligaw na kasing layo ng iba pa sa kanila, dahil sa paroroon sila sa araw na iyon, na sinasabi pang, “Panginoon, nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan. Ginawa ko ang lahat ng iba pang bagay sa Iyong Pangalan. Nagdaos ako ng mga gawaing ukol sa pagpapagaling. Ipinangaral ko ang Ebanghelyo. Nagpalayas ako ng mga demonyo.”

<sup>81</sup> At sasabihin ni Jesus, “Lumayo ka rito, ni hindi Kita nakikilala, mapagpaimbabaw. Siya iyon na gumagawa sa kalooban ng Aking Ama!” Bakit ba hindi ’yon makita ng mga tao? Ngayon, alam kong nakakasakit iyon. At hindi ko—hindi ko sinasadyang makapanakit iyon, hindi ko sinasadyang maging ganoon iyon. Ngunit, kapatid, ako—ako. . .

<sup>82</sup> Tila ba para sa akin tayo’y—nasa huling panahon na tayo, at kinukupkop na ng Diyos, iniaayos na sa tamang posisyon sa Iglesya, sa Katawan ni Cristo, ang mga Kanya. Ngayon, hindi marami ang ilalagay Niya roon, una pa’y sasabihin ko na iyon sa inyo. Sasabihin n’yo, “Oh, buweno, magkakaroon naman ng napakalaking bilang!” Ngunit may anim na libong taon Siya na pagkukuhanan sa mga iyon, din naman. Alalahanin n’yo, darating ang pagkabuhay na mag-uli at tayo’y aagawing kasama nila. Iilan lang sa kanila, kita n’yo. Saliksikin n’yo ang inyong pagkaligtas, nang agaran. Siyasatin n’yo ang inyong sarili at tingnan kung ano ang naging mali. Kita n’yo? Inyong sadyang—sadyang tingnan n’yo kung ano ang problema. Alam kong ’yon ay —’yon ay mahirap, ngunit, kapatid, iyon ang Katotohanan. Iyon ang Katotohanan ng Diyos. Pagkukupkop!

<sup>83</sup> Dapat na maging lubos tayong nag-aalab para sa Diyos, dapat tayong nag-aalab araw at gabi. Walang dapat na makapigil sa atin, at dapat tayong maging lubos na kaibig-ibig at lubos na kalugod-lugod, at napakabait at lubos na katulad ni Cristo sa ating pamumuhay. Kinakailangan ng bawat araw ng buhay. Ang sabi ni Jesus, “Pansinin ninyo ang liryo sa parang, kung paano itong lumalaki, nagpapagal at humahabi; gayunma’y sinasabi Ko sa inyo na si Solomon sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapagdamit ng katulad sa isa nito.” May mga kasuotan noon si Solomon na napapalamutian ng magagandang seda at mga burda at mga gayong bagay, ngunit iyon—iyon ay hindi. . . hindi iyon ang tinutukoy Niya. Upang lumaki ang isang liryo, kailangan nitong gumawa araw at gabi. Ano ba ang gusto ninyong maging kahinatnan dito sa

munting dulo ng linya na ito? Kung ang matuwid ay bahagya nang makaligtas, paano pa kaya ang makasalanan ('yun ang dimanampalataya) at ang masama, ang taong nakakarinig ng Salita at tumatangging lumakad Dito? Ngayoy ano ang gagawin natin? Kita n'yo? Gayon na . . .

<sup>84</sup> Ito ang, ngayon, ito ang ating iglesya. Mayroon tayong marahil apat o limang estranghero sa gitna natin. Ngunit ito ang iglesya, tinuturuan ko kayo. Itinetey ang mga ito. Gusto ko na ang mga taong nakikinig sa mga teyp, tandaan n'yo, ito ay para sa aking iglesya. Doon naman sa mga tao na nasa labas, ay sinisikap kong maging maginoo man lang sa pagsasabi sa kanila niyan, upang medyo manatiling nakikiunawa lang sa kanilang munting mga ideyang gatas na pambata. Ngunit pagdating sa paglalagat talaga ng Katotohanan, ilatag natin Ito.

<sup>85</sup> Pagkukupkop, paglalagay sa tamang posisyon! Saan sila naroroon? Ipakita n'yo sa akin kung saan sila naroroon. Tinatawag na ng Diyos nang bukod ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ng mga pagpapamalas. Hindi nila kailangang magsalita ng isa mang salita tungkol dito, makikita mo na na mayroong nangyari. Ipinoposisyon ang Kanyang anak, inilalagay siya sa ayos mismo sa mga gayon ding bagay. Siya—siya ay may kapantay na kapangyarihan, ang mga salita niya ay kasing bisa ng sa isang Arkanghel, mas mabisa pa nga. Kinupkop na ang anak, inilagay sa mataas na lugar, iniluklok roon, pinalitan ang kanyang mga kasuotan, pinalitan ang kanyang mga kulay. Nagsagawa ng seremonya ang ama, sabi, "Ito ang aking anak, magmula ngayon siya ay tagapamahala na. Siya na ang tagapamuno. Sakop na niyang lahat ang pag-aari ko. Lahat ng mayroon ako ay kanya na." Siyanga. Kung gayoy maaari na tayong bumalik sa siya ring, Elah, Elah, Elohim, Elohim, kita n'yo, kung saan Siya'y mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan. At saka babalik kay Jehovah Na gumawa ng isang bagay, pinagkalooban Niya ang tao ng kapamahalaan sa sangkalupaan. Ano pa ba ang hinihintay natin? Ang mga pagkahayag. Humihibik na ang lupa. Magsimula na tayo rito at basahin ito. Hayan.

*. . . itinalaga . . . sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ng . . . ganang kaniya, ayon sa Kanyang minagaling ng kaniyang kalooban,*

*Sa ikapu-. . . sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, . . .*

<sup>86</sup> Ano ang Kanyang biyaya? Pabalik bago pa, noong hindi pa Siya Ama; sa Kanyang biyaya, sa Kanyang pag-ibig, ay ginawa ang Kanyang Sarili na isang anak, upang tayo ay maitalaga sa pagkukupkop bilang mga anak, sa ikapupuri ng Kanyang biyaya. Kita n'yo?

...na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa pamamagitan ng—ng (ng Persona) minamahal, na si Cristo.

<sup>87</sup> Ginawa tayong katanggap-tanggap sa papaanong paraan? Sa pamamagitan Niya. Papaano tayo makakapasok sa Kanya? Sa pamamagitan ng isang Espiritu, ay nabautismuhang lahat sa Kanya. Pakinggan n'yo.

*Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan, mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng (ng) kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n...*

<sup>88</sup> Papaano ninyo maipangangaral ang predestinasyon, ang tungkol sa pagkakilala-nang-una-pa ng Diyos at paglalagay sa ayos, maliban na mayroon na sa kung saan na pantubos sa kasalanan? Bakit nga ba? Araw-araw ay nagkakamali ka, bawat araw ay gumagawa ka ng hindi tama. Ngunit kung ipinanganak ka nang muli, lalaki man o babae, pagkagawang-pagkagawa mo ng pagkakamali, alam na ng Diyos na pinagsisisihan mo iyon. Tatayo ka sa harapan ng—ng Pangulong Roosevelt o ng sino pa mang iba, at sasabihin, “Nagkamali ako, patawarin nawa ako ng Diyos sa bagay na ito.” Bakit? At doon ang Dugong pantubos sa kasalanan...

<sup>89</sup> Inyong pansinin iyang “m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n.” Ang isang makasalanan ay makasalanan, hindi siya nakakagawa ng mga kasalanan. Ngunit ang iglesya ay nakakagawa ng mga kasalanan, nakakagawa ng hindi tama, nagkakaroon ng maling pag-iisip, maling palagay, nagdududa, pagiray-giray na gaya ng isang batang paslit na naglalakad, nagsisikap mag-aral kung paano lumakad. Sadyang hindi pa nito alam kung paano maglakad nang mabuti, dahil maliit pa siyang bata. Subalit mayroong Kamay na umaabot sa atin kung tayo... kinukuha tayo at inaalalayan tayo, at nagsasabi, “Humakbang ka nang *paganito*, anak.” Hindi Niya tayo itinatayo at pinapalo tayo dahil sa nagkamali tayo, hindi Niya tayo hinahampas hanggang sa mamatay dahil sinisikap nating lumakad. Mahal Niya tayo na gaya ng mahal natin ang ating mga anak.

<sup>90</sup> Ang isang talagang, tunay na ama ay hindi papaluin ang kanyang anak habang nagsisikap itong makalakad, kung nadapa ito sa sahig. Iaabot niya ang malaki't malakas na kamay at itatayo ito, hahawakan ang mga kamay nito, sasabihin, “Ganito mo iyon ginagawa, anak. Lumakad ka nang *ganito*.”

<sup>91</sup> Ganoon ang ginagawa ng Diyos sa Kanyang Iglesya! Umaabot at kinukuha ito sa Kanyang bisig, itinataas siya at sinasabi, “Lumakad ka nang *ganito*, anak. Heto, huwag—huwag—huwag mo itong sabihin nang ganoon, salitain mo ito nang *Paganito*. Ngayon, wala Akong pakialam kung ano man ang sinasabi ng iglesya, kung ano man ang sinasabi *nito*, kung

ano man ang sinasabi *niyon*, sabihin mo ito nang *Paganito*. Gaya *Nito*, ganito Iyon! Kung ipinangangaral Iyon ng Aking Salita, manatili ka mismo Rito, lumakad ka kasama Nito. Manatili ka mismo Rito. Huwag mong pansinin maging ano pa man ang sinasabi ng lahat ng iba pa, manatili ka mismo Rito. Lumakad ka nang *Paganito*. Ganito ka dapat kung humakbang.”

<sup>92</sup> Ang ating mga kasalanan; isang pag-ibig na kabayaran para sa ating mga kasalanan, kung hindi ay wala na tayong tsansa. Gaano nga tayong makakaangkla sa mga Salitang iyon!

. . . *ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya;*

*Na pinasagana niya—niya sa atin. . .*

<sup>93</sup> Ano ba ang “sagana”? Oh, naku! Na Kanyang *pinasagana*, “nang labis-labis ito.”

. . . *pinasagana niya sa atin sa buong karunungan at katalinuhan;*

<sup>94</sup> “Katalinuhan, lahat ng karunungan ay Kanyang pinasagana sa atin.” Lahat ng “karunungan,” hindi makasanlibutan. Ang karunungan ng sanlibutan ay mangmang para sa Kanya, at ang karunungan ng Diyos ay mangmang para sa sanlibutan. Sadyang gaya ng araw at gabi, hindi makasang-ayon ang isa doon sa isa pa. Ngunit kapag nag-umpisa nang sumikat ang araw at dumating na ang oras ng umaga, naglalaho na ang gabi sa kung saan-saan. At kapag nagsimula nang dumating ang Liwanag ng Ebanghelyo, lahat ng mga bagay ng sanlibutan ay sadyang nag-uumpisa nang maglaho. At ano ang ginagawa nito? Pinasagana Niya ang Liwanag ng Araw sa Kanyang mga anak, na lumalakad sa Espiritu, pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos, sumasagana sa Kanyang biyaya, sa buong katalinuhan at karunungan, pagkaunawa, at talas ng pag-iisip na malaman kung paano lumakad. Kung nakikita mong mali, kung gayon ay mag-ingat sa gagawin mo, kung paano ka. . . Kung hindi tama ito, mag-ingat ka maging sa kung papaano mo ito haharapin. Maging matalino! Maging talagang maingat, tiyaking mabuti na alam mo kung paano iyon haharapin. Matalinong gaya ng ahas, maamong gaya ng kalapati. Iyon ang sabi ni Jesus.

<sup>95</sup> Oh, mga mahahalagang butil ito, mga kaibigan! Sadyang makakapanatili tayo sa mga ito nang araw-araw. Hindi ba’t napakaganda ng mga ito? Ang katalinuhan, ang karunungan, ay Kanyang pinasagana na sa atin, ibinuhos! Hindi nagbigay ng isang kutsara lang, kundi kumuha ng malaking panghukay na pala at patuloy lang na itinatambak iyon nang ganoon. Pinasagana sa atin, karunungan na may katalinuhan ng Kanyang biyaya! Oh, kamangha-manghang biyaya, kay tamis ng tunog!

*Ngayon, pinasagana niya sa atin sa buong karunungan. . . katalinuhan;*

*Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, . . .*

<sup>96</sup> Sino ang kausap Niya? Mga denominasyon ba? Pakiusap, mga kapatid ko, huwag n'yong isipin na ibinababa ko ang inyong denominasyon, hindi po. Sinisikap kong sabihin sa inyo na mali iyon sa umpisa pa lang. Ang sabi ni Jesus, "Magsiyaon kayo't ipangaral ang Ebanghelyo," humayo nga tayo at gumawa naman ng mga denominasyon. Iyon ang dahilan kaya wala tayo Nito, lumalakad tayo ayon sa karunungan ng tao. Kung makakabangon lang talaga si Calvin!

<sup>97</sup> Aba, hindi pa katagalan ay tumayo ako sa tabi ng libingan ng isang dakilang tao, isang dakilang tagapagreporma. At naisip ko, napakadakila niyang tao! Ganoon nga siya! Buweno, ito. . . hindi ko. . . Si John Wesley iyon. At naisip ko, kung makakabangon lang si John Wesley sa kanyang libingan sa panahong ito at makikita ang kalagayan ng kanyang iglesya, ay ikakahiya niya ang kanyang pangalan. Si John Wesley ay isang maka-Diyos na tao, isang nagliliyab na baga, gaya ng itinawag niya rito. Si John Wesley ay isang banal na tao na nananampalataya sa Diyos, at sumunod bawat hakbang sa Kanya. Ngunit pagkamatay ni John, sabi nila, "Gagawa tayo ng iglesya para kay John upang magkaroon tayo ng iglesya, at tatawagin natin itong iglesyang Methodist dahil sa kanyang pamamaraan ng pagpapabanal bilang ikalawang gawa ng biyaya."

<sup>98</sup> Pagkatapos ay gumawa sila ng iglesya, at ngayon ang mga tao ng iglesyang iyon ay itinatangi na ang lahat ng itinaguyod noon ni John Wesley. Nangaral si John Wesley ng Makalangit na pagpapagaling. Naniniwala si John Wesley sa bautismo ng Espiritu. Naniniwala si John Wesley sa pagpapanauli ng mga kaloob. Sina John Wesley, Martin Luther, marami sa mga dakilang kalalakahang iyon noon ay nagsasalita ng mga wika at nagpapaliwanag. At, sa panahon ngayon, kung magsasalita ka ng mga wika sa isang iglesyang Methodist o isang iglesyang Lutheran, itataboy ka nila palabas ng pintuan. Ano bang nangyayari? Sa panahon mismo na dapat na tayong naglalagay sa lugar sa mga anak, ano ang nangyayari? Iba ang ginamit nila, dahil hindi nila alam ang hiwaga ng Diyos. At hindi nila iyon kailanman malalaman sa pamamagitan ng isang seminaryo!

<sup>99</sup> Hayaang may basahin lang ako sa inyo. Ayos lang ba? Sige. Magbukas tayo, may isinulat ako rito. Alamin natin kung paanong si Pablo. . . Ngayon, dito, heto ang tagapagturo ng Mensaheng ito. Pumunta tayo sa Mga Gawa 9:5, muna sandali. Pakinggan n'yo kung paano nakuha ni Pablo ang Kapahayagang ito, kung ano ba ang nangyari. Ngayon, sa Mga Gawa 9 ay pasisimulan natin ang pagbasa, gaya nito. Ito ay pag-aaral sa Sunday school, kaya bakit hindi—bakit hindi natin basahin ito? Ipatatid n'yo sa akin kung wala na akong. . . ? . . .

*Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta... (Oh, ang maliit na iyon na may pakalawit na ilong, magagalitin, na mabagsik na Judio!)... ng mga pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon, ay naparoon sa dakilang saserdote,*

*At humingi sa kaniya ng mga sulat sa Damasco sa sinagoga, upang kung siya'y makasumpong ng sinoman...*

100 “Hahayo ako't hahanapin ko sila! Kung mahahanap ko lang sila, naku, tingnan lang natin kung ano ang gagawin ko sa kanila! Kita n'yo, kung mahahanap ko lang sila!” Ngunit itinalaga na siya nang una pa!

101 Papaano kayong nakakasiguro na ang nagbebenta rito ng kontrabandong alak ay hindi itinalaga nang una pa sa Buhay? Papaano kayong nakakasiguro na 'yung hamak na patutot sa lansangan na ni ayaw ninyong kausapin, papaano kayong nakakasiguro na ang isang kaunting pakikipagkamay at pag-imbata sa kanya sa simbahan ay hindi siya gagawing isang banal ng Diyos, doon sa Kaluwalhatian? Kapag... Papaano kayong nakakasiguro na hindi nga siya magiging ganoon? Iyon ang hindi natin alam. Ngunit tungkulin natin iyon. Gaya ng isang mangingisda na inihagis ang isang lambat sa dagat at hinatak iyon, nakahuli siya ng mga palaka, isda, mga butiki, mga gagambang-tubig, at lahat-lahat na, ngunit ang iba roon ay isda. Hindi niya alam, basta inihagis lang niya ang lambat. Ganoon ang ginagawa natin. Tingnan n'yo si Pablo.

*... humihingi ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga, upang kung siya'y makasumpong ng sinoman sa mga nasa daan, maging mga lalake o mga babae, ay kaniya silang magapos at madala sila sa Jerusalem. (Kapatid, talagang mabagsik siya!)*

*At sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa paligid niya...*

102 May dumating na isang saserdote sa daan, si Doktor F. F. Jones, at sabi sa kanya, “Kailangan mo ng isang—isang karanasang mula sa seminaryo ngayon, anak, at naniniwala akong magagamit ka ng Diyos”? Hindi ba't magiging nakakatakot tingnan na Kasulatan iyon, na basahin iyon nang ganoon? Ngayon, kasing katuturan lang iyon... hindi ko sinasabi iyon bilang pagpapatawa. Iyon ay, tayo, ganoon lang ang katuturan niyon sa atin ngayon. “Alam mo, mabuting babae ang nanay mo, palagay ko'y magiging mahusay kang mangangaral.” Tingnan n'yo ang nangyari.

*At sa—at sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag*

sa paligid niya, ang isang ilaw . . . (whew, nagsimulang supernatural) . . . isang ilaw mula sa langit:

*At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig siya ng isang tinig na nagsasabi . . . Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?*

*At sinabi niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon sa kanya, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig: at mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis.*

*At siya'y nanginig at namangha at nagsabi, Panginoon, ano ang ibig mong ipagawa . . . sa akin? At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Magtindig ka, at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat mong gawin.*

103 At ang mga kasama niyang tao ay patuloy na naglakbay kasama niya, at nagpatuloy pa, at nasumpungan nila ang isang lalaki. Si Ananias, doon, ay nakakita ng isang pangitain. Lahat supernatural! At si Saulo, ang mabagsik na lalaking iyon! Nakakita ng pangitain ang Ananias na ito, tumingin sa kanyang bahay. Isa siyang propeta, na nasa kanyang bahay na nananalangin, at nakakita siya ng isang pangitain. Kanyang . . . Nangusap sa kanya ang Panginoon at nagsabi, “May lalaking paparating sa lansangan doon, na sadyang kasimbulag ng paniki, at ang pangalan niya ay Saulo, siya’y si Saulo ng Tarso.”

104 Sabi niya, “Panginoon, marami akong narinig na mga dakilang bagay. Huwag Mo po akong isugo, isa lang akong hamak na tao. Huwag Mo po akong isugo sa kanya.”

105 Sabi Niya, “Ngunit, narito, sa kanyang daan papunta rito, ipinakita Ko sa kanya ang isang pangitain. Nagpakita Ako sa kanya sa Haliging Apoy. Binulag Ko siya nang lubusan. At kinailangan Ko siyang bulagin at wasakin bago Ako makagawa ng anumang bagay sa kanya. Kita mo, kinailangan Kong sirain ang lahat ng kanyang teolohiya. Alam mo na, siya ay—siya ay—isa siyang kilalang tao sa isa sa mga iglesyang iyon doon. Mayroon siyang lahat na ng uri ng mga natapos na kurso, hindi na niya kailangang paghusayan pa ang anumang, ngunit,” sabi Niya, “ang kinailangan Kong gawin ay alisin ang lahat ng iyon sa kanya.”

106 Iyon ang punto doon. Hindi ang maglagay ng mas marami pa sa kanya, kundi alisin iyon sa kanya. Sa palagay ko’y iyon ang problema sa marami nating mga mangangaral ngayon; alisin mula sa iyo, kung saan mailalagay ng Diyos sa kanila ang Espiritu Santo. Alisin! Hayan, sabi niya siya . . .

107 At sabi nito, “Panginoon, ngunit itong—itong—ang lalaking ito ay teribleng tao.”

108 Sabi Niya, “Ngunit, narito, siya’y nananalangin. Ngayon, dadaan ka sa isang kalye at makakarating ka sa isang bukal.



Lampasan mo ang bukal na iyon sa kaliwa, at bumaba ka. Mayroon doong puting bahay, pumanhik ka at kumatok sa pintuan. Naroroon lang siya sa pasilyo, hanggang doon lang nila siya nadala. Ipatong mo ang iyong kamay sa kanya, dalhin mo siya roon sa ilog ng Damasco at bautismuhan mo siya sa Pangalan ni Jesus. Dahil, sasabihin Ko sa iyo ang Aking gagawin, kinakailangan niyang magbata ng maraming bagay para sa Akin, sapagkat siya ang Aking mensahero sa mga Gentil.” Amen!

109 “Buweno, ngayon, sandali lang, Panginoon! Ngayon, anong paaralan ang ipapayo ko?” Sasabihin ko sa inyo ang gagawin natin, basahin natin ang Mga Taga Galacia at alamin. Ang susunod lang—susunod na kabanata kaagad. Hanapin natin ang Mga Taga Galacia 1, at mag-umpisa sa ika-10 talata, at alamin natin kung anong paaralan ang pinasukan noon ni Pablo, kung anong seminaryo, at kung kaninong mga kamay ang ipinatong sa kanya, at, oh, lahat ng nangyari. Mga Taga Galacia sa unang kabanata. Para makatipid ng oras, umpisahan natin sa bandang kumbersyon na niya, sa ika-10 talata.

*Sapagka't ako бага'y nanghihikayat ngayon sa mga tao, o sa Dios? o ako бага'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y nagsisikap pa na magbigay-lugod sa mga tao, ako'y hindi magiging alipin ni Cristo.*

110 Oh, naku, naku, naku! May nais lang muna sana akong sabihin na kaunting bagay bago itong isa rito. Mga Taga Galacia 1, pumunta sa ika-8 kabanata. Ilan ang nakakaalam na si Pablo ang siyang nagpabautismong muli sa kanila na mga tao sa Pangalan ni Jesus, Mga Gawa 19? Tunay nga. Kunin natin ang bandang itaas rito, sa ika-8—ika-8 talata.

*. . . kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay matakawil.*

111 Saan mo ba nakuha ang Ebanghelyo na ito, Pablo? Ang ika-9 na talata.

*. . . aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kay sa inyong narinig na, tinanggap na, ay matakawil.*

112 Kung isa man siyang arkanghel, kung isa man siyang obispo, kung isa man siyang pangkalahatang tagapangasiwa, kung siya man si Doktor *Ganito't-ganoon*, maging sino pa man siya, kung hindi niya ipinangangaral ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang bautismo ng Banal na Espiritu, hindi ipinangangaral ang pagpapanumbalik ng mga kaloob, ang Pagparito ni Cristo, ang lahat ng mga bagay na ito, ay matakawil siya! Kung susubukan niyang gamitin ang alinman sa Salitang ito rito at

sasabihin na para ito sa ibang panahon at ilalagay iyon sa kung anong bagong walang kabuluhang ideya na natutunan natin doon sa isang seminaryo, ay matakwil siya!

113 Patuloy nating basahin, tingnan kung paano iyon nakuha ni Pablo, tingnan kung paano, kung ano ang sinisikap kong sabihin sa inyo sa umagang ito.

*Sapagka't ako бага'y nanghihikayat ngayon sa mga tao, o sa Dios? o ako бага'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, kung gayon ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.*

114 Paano ko aasahan ang anuman, paano na ang isang tao na umiibig sa Diyos, at isang mangangaral, lalo na, ay aasang makagagawa ng anuman kundi kamumuhian siya ng tao? Kamumuhian kayo ng mga tao. Buveno, sabi nila . . .sabi ni Jesus, “Kung tinatawag nila Ako, na Panginoon ng bahay . . . Ako ang Panginoon, ang pinakadakila sa inyong lahat. Ako ang Siyang nakapagpapamalas ng mas maraming himala at nakagagawa ng mas marami sa pamamagitan ng Espiritu Santo kaysa sa inyong lahat, dahil taglay Ko ang buong kapuspusan sa Akin. At kung tinawag nila Akong ‘Beelzebub,’ gaano pa kaya kayo? Ngunit,” sabi, “huwag ninyong isipin ang sasabihin ninyo, sapagkat hindi kayo ang siyang magsasalita, ang Ama na nananahan sa inyo, ang magsasalita sa oras na iyon. Manatili lamang kayo mismo sa Salita.” At Siya, nang matapos na Niyang maisulat ang Aklat, sinabi Niya, “Sinumang tao na magbabawas ng isang Salita mula sa Aklat na ito o magdagdag ng isa mang salita Rito, ay aalisin din naman sa Aklat ng Buhay, para sa kanya.” Tulungan nawa tayo ng Diyos na manatili mismo Rito!

115 Ngayon sa susunod na talata, hayaang basahin ko ngayon, basahin na kaagad.

*Sapagka't aking ipinatatalastas . . . Iyon ay, dadalhin kayo sa paghatol. Aking ipinatatalastas sa inyo, mga kapatid, tungkol sa evangelio na aking ipinangaral na ito'y hindi inyon sa tao.*

Ngayon, hindi ako Methodist, ni Baptist, Presbyterian, o Pentecostal; hindi ito ayon sa tao. Ni hindi . . .

*Sapagka't hindi ko tinanggap ito sa tao, ni itinuro man sa akin, . . .*

116 “Hindi ko ito tinanggap mula sa tao, hindi seminaryo, hindi doktor, hindi dibinidad, hindi paaralan ng edukasyon. Hindi ko ito tinanggap nang ganoon, hindi ko ito ipinangaral nang ganoon, hindi ko ito nasumpungan nang ganoon, hindi ito dumating sa akin nang ganoon.” Paano nga ba ito dumating kung gayon, Pablo?

*...itinuro man sa akin, kundi aking tinanggap sa pamamagitan ng pahayag ni Jesus Cristo.*

117 “Noong ipahayag ni Cristo ang Kanyang Sarili sa akin, na Siya ang Anak ng Diyos, noong bumaba sa akin ang Haliging Apoy noong araw na iyon, na sinabi ko, ‘Sino Ka baga, Panginoon?’ sabi Niya, ‘Ako si Jesus.’”

118 Ngayon, ipapakita ko sa inyo kung ano—kung ano ang nangyari sa kanya. Ngayon, sa ngayon kung may karanasan ang isang tao, gugustuhin nilang bigyan pa siya ng sampung taon upang pag-aralan ang Griyego, at sampung taon pa para pag-aralan ang iba pa, at pagdating ng panahong iyon ay wala na siya. Tingnan n’yo.

*...hindi ko tinanggap ito sa tao, ni itinuro man sa akin, kundi aking tinanggap sa pamamagitan ng pahayag ni Jesus Cristo.*

*Sapagka’t inyong nabalitaan ang aking mga pamumuhay nang nakaraang mga panahon sa relihion ng mga Judio, . . .*

119 “Isa ako noong kilalang doktor, naku. Taglay ko iyon.” Naturuan siya sa ilalim ni Gamaliel, ang pinakamataas na guro na mayroon sila noon sa lupain. Ilan ang nakakaalam na si Gamaliel ay isa sa mga dakila’t pinakamahuhusay na mga guro? Siyanga, po. “Ang relihiyon kong pang-Judio, naku, taglay ko iyon; alam ko lahat kung paano bigkasin ang Kredo ng mga Apostol at lahat ng mga bagay na iyon, nakita n’yo. Alam kong bigkasin lahat ng mga pang-umagang panalangin at ang pagbasbas sa mga tao.” Kita n’yo?

*...kung paanong aking inuusig na malabis noon, at nilipol ang iglesia ng Dios: Kung paanong sinikap kong pigilan ang grupong iyon ng mga holy rollers! Kita n’yo? Kita n’yo?*

*At ako’y nangunguna sa relihion ng mga Judio. . .*

120 “Kilala akong tao noon. Naku, talagang ako . . . nangunguna ako, ipinakita ko sa kanila na kaya ko silang wasakin, dahil pumatay ako ng mga Esteban at marami pang mga bagay ang ginawa ko. Nakita n’yo kung paano ang nagawa ko!” Gaanong nang-usig siya nang labis!

*Ako’y nangunguna sa relihion ng mga Judio ng higit kay sa marami sa aking mga kasing gulang sa aking mga kababayan, palibhasa’y totoong masikap ako sa sali’t-saling sabi ng kanilang mga magulang.*

121 Ngayon, alalahanin, hindi ang Salita ng Diyos, “ang tradisyon ng mga magulang,” tradisyon ng iglesia, sa ibang salita. “Sa palagay ko’y Methodist ako hanggang sa kaibuturan, ako ay Baptist hanggang sa kaibuturan, Pentecostal ako

hanggang sa kaibuturan.” Oh, kayo nga ba? Nais kong maging sa Diyos hanggang sa kaibuturan. Oo, ganun nga. Kita n’yo? Sige.

*. . . mga sali’t-saling sabi ng aking mga magulang.*

*Ngunit nang magalingin ng Dios, . . . (oh, oh, Pablo, heto ka na) . . . na siyang sa akin ay nagbukod buhat pa sa tiyan ng aking ina, na naglabas sa akin sa sanlibutang ito, at ako’y tawagin sa pamamagitan ng kaniyang biyaya,*

*Na ihayag ang kaniyang Anak sa akin, . . .*

<sup>122</sup> Papaanong ganoon? “Ang Espiritu Santo sa akin! Minagaling ng Diyos na kunin ako, na nagbukod buhat pa sa sinapupunan ko, at ipinagkaloob sa akin ang Anak, na siyang Banal na Espiritu sa anyo ng Espiritu, sa loob ko, upang ihayag ang Kanyang Sarili sa akin.” Oh, naku! Whew! Ako—ako—sa palagay ko’y medyo gusto kong sumigaw.

<sup>123</sup> Tingnan n’yo, hayaang sabihin ko sa iyo, kapatid. Noong minagaling ng Diyos! Oh, hallelujah! Noong minagaling ng Diyos! Isang lasenggong ama. Isang ina. . . Pagpalain kayo ng Diyos, mama, wala po akong anumang sasabihing laban sa inyo. Ngunit isang ina na walang alam tungkol sa Diyos kung paanong ang kuneho ay wala ring alam tungkol sa sapatos na pang-niyebe. At isang ama na nakahandusay na lasing sa mga kalsada. At ni wala man lang akong sapatos para pampasok sa paaralan, at mahabang buhok hanggang sa leeg ko, at ayaw sa akin ng lahat dahil isa akong tubong Kentucky na naparito sa Indiana. At gaano, oh, talagang kasuklam-suklam na tanawin iyon. Ngunit minagaling ng Diyos! Amen! Minagaling ng Diyos, na Siyang nagbukod sa akin sa sinapupunan ng aking ina, upang Kanyang ihayag ang Kanyang Anak sa akin, sa pagpapaging isang ministro ng Salita, na mananatili mismong matuwid Dito, na magpapakita ng mga pangitain at mga tanda at mga kababalaghan at mga himala. At, oh, naku!

<sup>124</sup> Nakita n’yo na ang sinasabi niya? Minagaling ng Diyos na gawin iyon! Paano? Makinig nang mabuti. “Upang iha- . . .” Kunin ang ika-16 na talata na ngayon.

*Na ihayag ang kaniyang Anak sa akin, upang siya’y aking ipangaral sa gitna ng mga Gentil; pagkaraka’y hindi ako sumangguni sa iglesya:*

<sup>125</sup> “Hindi ako kailanman lumapit sa anumang obispo at nagtanong sa kanya kung ano ang dapat kong gawin. Hindi ako kailanman pumunta sa anumang laman at dugo, anumang mga organisasyon o anupamang iba. Wala akong anumang pakikipag-ugnayan sa kanila. Hindi ako sumangguni sa laman at dugo. Ni hindi rin ako nagpunta sa Jerusalem sa lahat ng mga mahuhusay na banal na mga saserdote at sa mga banal na mga ama, at lahat ng iyon, at nagsabi, ‘Ngayon, alam n’yo, nagkaroon ako ng isang pangitain, ano ba ang dapat kong

gawin dito? Nakita ko ang mapagpalang Panginoong Jesus sa isang pangitain.' Disin sana'y sinabi nila, 'Umalis ka rito, ikaw! Ano'ng. . . Ikaw na holy roller! Buweno, ano ba'ng nangyari sa iyo?' Hindi, taglay ko na ang mga digri nila sa umpisa pa lang. Nagkaroon na. . ."

126 At sinabi ni Pablo sa dako rito, maipapakita ko sa inyo sa Kasulatan, na sinabi niyang kinailangan niyang kalimutan ang lahat ng kanyang natutunan, at ibilang iyon na walang saysay, upang makilala niya si Cristo. Oh!

*Ni inahon ko man sa Jerusalem silang mga apostol na nangauna sa akin; kundi sa Arabia ako naparoon, at muling bumalik ako sa Damasco.*

*At nang makaraan nga ang tatlong taon ay umahon ako sa Jerusalem upang dalawin si Cefas, at natira akong kasama niyang labing-limang araw.*

127 At sa pagpapatuloy pa nating pagbasa, napag-alaman natin na siya at si apostol Pedro ay hindi pa kailanman nagkita sa kanilang buhay, hindi pa kilala ang isa't isa, hindi pa nagkikita, pero noong nagkasama sila ay ipinangangaral nila ang iisang Ebanghelyo. May paaralan ang Diyos. Kita n'yo? Oo!

128 Heto si Pedro, tumayo noong Araw ng Pentecostes, sabi, "Magsipagsisi kayo, bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu."

129 Sabi ni Felipe, "Oh, gaano kaluwalhati nga ito! Kailangang may magawa rin ako. Patungo doon sa. . . May tawag sa akin doon sa Samaria." Naparoon siya at nagsimulang magpatotoo sa lansangan. Bigla-bigla, isang taong may sakit ang lumapit, ipinatong niya sa kanya ang mga kamay niya, at nag-umpisa itong magtatalon at magpalukso-lukso. Sabi, "Luwalhati sa Diyos, heto na!" Nag-umpisa nang magdaos ng isang malaking pagtitipon. Sabi niya, "Kailangan ninyong lahat ang Banal na Espiritu." Sabi niya, "Ang kailangan ninyong gawin, kailangan ninyong mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus." Kaya dinala niya sila, bawat isa, patungo roon at binautismuhan silang lahat sa Pangalan ni Jesus. Sabi, "Halika, Pedro, ipatong mo na sa kanila ang mga kamay mo ngayon." At tinanggap nila ang Banal na Espiritu.

Si Pedro, doon sa bahay ni Cornelio, ay ganoon din.

130 Si Pablo ay hindi pa siya nakita o nakarinig man ng anuman patungkol sa kanya. Ngunit dumaan siya sa itaas na baybayin ng Efeso, at nakatagpo siya ng ilang mga alagad. Nakita niya ang isang mangangaral na Baptist, siya ay, si Apollos, isang abugadong napagbalik-loob, matalino, mahusay, tinatalakay ang Lumang Tipan at pinatutunayan sa pamamagitan Nito na si Jesus ang Anak ng Diyos. Siyanga, po, isa siyang matalinong tao.

At nagsisigawan sila, nangagagalak sila. Sinabi iyon ng Biblia. Basahin n'yo ang ika-18 at ika-19 na kabanata ng Mga Gawa at tingnan n'yo kung hindi nga ba iyon tama. Nangagagalak sila, nagsisipagsayaw sila sa Espiritu, at nagsisitakbo sa buong palibot, alam n'yo na. Sabi ni Pablo, “Ngunit tinanggap n'yo na ba ang Banal na Espiritu mula noong kayo'y manampalataya?”

<sup>131</sup> At sa inyong mga kapatid na Baptist na sinisikap na isalaksak iyon sa lalamunan ng mga tao, at sinabi na sabi daw ng orihinal na Griyego, “Tinanggap n'yo ba ang Banal na Espiritu mula, o *noong* kayo'y manampalataya?” Hinahamon ko kayo na dalhin n'yo sa akin ang Griyego! Narito sa akin mismo ang orihinal na Griyego. Nasa akin din ang Aramaic, at ang Hebreo, din. Sinasabi ng bawat isa sa mga iyon, “Tinanggap n'yo na ba ang Banal na Espiritu *mula* noong kayo'y manampalataya?”

<sup>132</sup> Sa pamamagitan ng pananampalataya kayo ay naligtas, iyon ang inyong pananampalataya sa Diyos. Ang Dugo ang nagpapanatili sa inyong malinis mula sa kasalanan, dahil ito ay naghahain. Hindi kayo inililigtas ng Dugo, ang Dugo ang nagpapanatiling malinis sa inyo. Papaano nga ba kayo naligtas na sinasabi n'yo? Sa pamamagitan ng pananampalataya kayo ay naligtas, at iyon ay sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos, na tinatawag kayo. Ligtas na kayo, at ang Dugo ang tumutubos mula sa kasalanan, patuloy kayong pinananatiling malinis. At pagkatapos sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan kayo sa Banal na Espiritu, tungo sa pakikisama sa mga mananampalataya, at sa pakikisama sa Espiritu Santo, upang mapangunahan ng Espiritu, na gumagawa ng mga tanda, mga kababalaghan.

<sup>133</sup> Sandali, paparating na, naghihintay lang para sa isang bagay, kaunti na lang ay mararating na natin ito, umaasa akong marating na nga sana natin ano't ano man. Sinabi ko tawagin n'yo ang pansin ko pag ganitong oras na, hindi ba? Mangyaring napatingin ako rito. Isa lang—isang salita na lang o dalawa pa. Isa lang. . . Ito'y—kaunti na lang ito.

<sup>134</sup> Hanggang kailan ang itatagal ng kaligtasan na ito, gaano katagal? Ano bang uri ng kaligtasan ito? Mula ba sa isang iglesya patungo sa isa pang iglesya? Mula. . . Buksan natin sa Mga Hebreo 9:11, saglit lang, sadyang—tingnan lang para makita kung gaano katagal, sa ilang minuto lang. Magbukas sa Aklat ng Mga Hebreo at ating—alamin natin kung hanggang kailan nga ba magtatagal ang kaligtasan na ito. Tingnan kung anong uri ito ng kaligtasan. Basahin natin ngayon ang Mga Hebreo 9:11.

*Nguni't pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid baga'y, . . . (ngayon*

ito ang siya ring gurong iyon, si Pablo, kita n'yo). . .  
*hindi sa paglalang . . . sa paglalang na ito;*

*At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing o ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo ay pumasok na minsan magpakailan man (ilang beses? Minsan!) sa dakong banal, na kinamtan . . . (kaligtasan para sa isang linggo, kaligtasan hanggang sa susunod na rebaybal? Anong uri?) . . . ang walang hanggang katubusan.*

<sup>135</sup> Ano ba ang ibig sabihin ng salitang “Walang Hanggan”? Kay Cristo, matapos kong manampalataya . . . Walang tao na makatatawag kay Jesus, na “Cristo,” tanging sa pamamagitan lamang ng Banaog na Espiritu. Kung kaya’t may tatlong uri ng tao: mga di-mananampalataya, mga nagkukunwaring mananampalataya, at mga mananampalataya. Ngunit sila na mga nanampalataya tungo sa Buhay na Walang Hanggan, ay nakapasok na sa looban.

<sup>136</sup> Katulad ng lumang tabernakulo, ano ba ang unang bagay na ginawa nila? Pumasok sa looban, ang Gentil. Ang kasunod ay ang tansong dambana, kung saan nila hinuhugasan ang handog sa hugasang ginto. Ang kasunod ay ang pagpatay ng handog, at ang pagwiwisik ng dugo sa dambana. Pagkatapos, minsan sa isang taon, pinapahiran si Aaron, oh, (ng ano?) ng pabango na Rosas ng Sharon, ng mamahaling langis na may pabango, ibinubuhos nila iyon sa kanyang ulo, tumutulo iyon hanggang sa laylayan ng kanyang damit. Masdan n’yo kung paanong kinakailangang pumunta roon sa likuran ng mga tabing na iyon ang taong ito, minsan sa isang taon, na dala-dala sa unahan niya ang dugo para sa Luklukan ng Awa. At dinala niya ang kanyang tungkod sa isang taon at nakalimutan iyon. Noong bumalik sila para kunin iyon, inusbungan iyon at namulaklak. Isang matandang tungkod na dala-dala niya marahil sa loob ng apatnapung taon sa ilang, ay nailagay sa Banal na Dakong iyon! Masdan n’yo, noong dinala nila ang dugo ng tipan na iyon, ang dugo, siya ay pinahiran. At nakasuot siya ng damit na may nakakabit na tumutunog na mga kampanilya, isang bunga ng granada at isang kampanilya. At kinakailangang lumakad ang lalaking iyon sa paraan na sa tuwing inihahakbang niya ang kanyang paa, at kumikilos nang *paganito* at humahakbang siya, tinutugtog nila ang “Banal, banal, banal, sa Panginoon. Banal, banal, banal, sa Panginoon. Banal, banal, banal, sa Panginoon.” Oh, naku!

<sup>137</sup> Ano ang sinasabi ko? Pakinggan ninyo Ito, Branham Tabernacle! Nagkaroon na kayo ng pagkakataon. Kapag minsang pinahiran ang isang tao ng Banal na Espiritu, upang kupkupin sa sambahayan ng Diyos, upang mailagay ng Ama sa posisyon, at ilaan sa isang paglilingkod dito, sa layunin niya sa buhay, o kung para saan siya tinawag ng Diyos, ang paglakad

niya dapat ay maging “Banal, banal, banal, sa Panginoon. Banal, banal, banal!”

“Oh, kailangan mong magbigay-daan sa *ganito* at maging. . .”

“Banal, banal, banal, sa Panginoon.”

“Oh, kailangan mong paniwalaan ang lahat ng sinabi ng elder, *ganito*.”

<sup>138</sup> Ngunit, “Banal, banal, banal, sa Panginoon.” Ang Kanyang Salita ang maging una, hayaang Ito lang ang lahat-lahat na meron, na inilubog, nakabaon na sa inyong puso! Ang paglakad ninyo ay dapat na nasa Salita. “Banal, banal, banal, sa Panginoon.”

<sup>139</sup> “Oh, kung pupunta ka lang dito! Sasabihin ko sa iyo ang gagawin namin, mag-oorganisa kami, ilalagay ka namin sa aming organisasyon, magiging kilala kang tao.”

<sup>140</sup> “Banal, banal, banal, sa Panginoon. Banal, banal, banal, sa Panginoon,” nagpapatuloy. Walang diperensya kung ano man ang sinasabi ng iba!

<sup>141</sup> “Ipasauli ang mga teyp na ito! Gawin mo ang *ganito*, gawin mo ang *ganito*, gawin mo ang *ganoon*, gawin mo ang *ganoon*, ang *iba pa*.”

<sup>142</sup> “Banal, banal, banal, sa Panginoon.” Nakatuon na ang mga mata mo sa Kalbaryo, at walang makapipigil sa iyo! Ang pinaka lakad ng iyong buhay, naglalakad ka sa Daan ng Hari, na pinahiran ng mahalagang Langis na pamahid, papasok sa Kabanal-banalang dako. Whew! Amen. Buweno.

<sup>143</sup> Sinabi ni Pablo na hindi niya Ito natanggap mula sa tao. Ngayon ano ba ang sinasabi niya, doon sa Mga Taga Galacia, ang aralin natin. “Na ipinakilala Niya sa atin ang hiwaga ng Kanyang kalooban.” Ano ba ang kalooban Niya? “Ipinakilala ang mga hiwaga ng Kanyang kalooban.” Kayo na nagsusulat, sa ika-9 na talata. Ngayon bibilisan ko na mismo at tatalakayin na ito, dahil tinatanghali na tayo.

<sup>144</sup> Oh, bawat Salita ay lubos na isang. . .?. . . Oh, bawat Salita ay isang mahalagang butil. Sadyang maaari mo Itong kunin at sadyang patuloy na pakinangin Ito. Maaari mong hukayin, maaari kong. . . Maaari mong kunin ang isa sa Mga Salitang iyon doon, dalhin iyon sa Genesis at pakinangin iyon, dalhin iyon sa Exodo at pakinangin muli, maaari mong dalhin iyon sa Levitico at pakinangin pa itong muli, at, pagdating mo sa Apocalipsis, bawat katiting Nito ay si Jesus na! Amen. Maaari mo itong pakinangin hanggang gusto mo, magiging si Jesus pa rin ito kapag umabot ka na—kapag umabot ka na sa Apocalipsis. Sapagkat, sabi Niya, “Ako Ang Nakaraan, Ang Ngayon, at Ang Darating. Ako ang Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga. Ako ang Alpha, Omega.” Iyon ay A at Z sa alpabetong



Griyego. “Ako ang A hanggang Z. AKO NGA! Ako ang Lahat-lahat.” Siyanga. “Ako Yaong nabuhay at namatay, at nabubuhay magpakailanman. At nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at hades.” Oh, naku! Bawat mahalagang butil na makukuha mo rito at simulang pakinangin ito, kikinang ito hanggang kay Jesus mismo.

<sup>145</sup> Ngayon, maya-maya na lang nang kaunti at pagkatapos tayo’y—tayo’y—tayo’y—tayo’y, hihinto na tayo. Oo. Ano pa ba ang hinihintay natin, kung gayon? Para saa’t narito ka sa pagtitipon? Ano ang layunin nito? Ano ang inihihibik ng sanlibutan? Para saa’t nakabitin doon ang bomba atomika, para saan ang mga molecule at mga atom? At, oh, para saan ba ang lahat ng ito?

<sup>146</sup> Magbukas, sa ika-8 ng Mga Taga-Roma, saglit lang. Ano ang hinihintay nito? Ano ang hinihintay ng lahat ng ito? Ano ang panahon? Mga Taga-Roma, sa ika-8 kabanata, at umpisahan natin at basahin sa bandang, oh, sa palagay ko sa ikawalo- . . . Mag-umpisa tayo sa bandang ikasiyam- . . . sa ika-19 na talata, at sadyang—basahin lamang dito mismo para ito’y maging, maging tunay na kalugod-lugod ito. Siyanga. Alam ko kung saan kayo patungo ryan. Sige. Mga Taga-Roma, sa ika-8 kabanata, sa palagay ko kung saan ako naroon ngayon. Siyanga, po. Sa ika-8 kabanata, at umpisahan natin dito sa bandang ika-18 talata. Umpisahan na lang natin sa ika-14 na talata.

*Sapagka’t ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, sila ay . . . mga anak ng Dios. Siyanga.*

*Sapagka’t hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; . . .*

<sup>147</sup> “Oh, makakatagal kaya ako. Oooo, kung makakatagal lang sana ako ngayon!” Walang kung anong tagal-tagal! Wala iyon sa kung ako ba ay makakatagal, iyon ay kung makakatagal ba Siya. Nasa Kanya na ako ngayon, kita n’yo.

<sup>148</sup> Buweno, sasabihin ninyo, “Buweno, kung ako’y nasa Kanya na!” Ngayon kayo—kayong mga Presbyterian ay nagsasabi, “Ah, naniniwala na kami Rryan noon pa man.” Ngunit pinatutunayan ng inyong buhay na hindi, maliban na lumakad kayo sa uri ng buhay na nilakaran Niya, manampalataya kayo sa siya ring Ebanghelyo na ipinangaral Niya.

<sup>149</sup> Sinasabi ninyo, “Ah,” sabi ng Baptist, “tunay nga, na naniniwala ako sa Walang Hanggang seguridad.” At lalabas rito’t maninigarilyo at pupunta sa mga sayawan, at pinuputulan ng mga kababaihan ang kanilang buhok, pinipintahan ang kanilang mga mukha at kumikilos na para bang di ko mawari? Pinatutunayan ng inyong mga bunga na hindi ninyo Ito pinaniniwalaan.

Kapag sinabi ko, “Naniniwala ba kayo sa Makalangit na pagpapagalang?”

“Oh, sabi ni Doktor Jones ay *ganito* daw iyon, na noong mga nagdaang panahon pa iyon.”

<sup>150</sup> Ngayon, ikaw na mapagpaimbabaw! Ano ba'ng nangyayari sa iyo? Ikaw na hamak na nalinlang na paslit. Napakalayo mo na sa Ebanghelyo hanggang sa kaawa-awa ka na. Napalihis ka na doon sa isang kung anong maputik na kalsada sa isang nasusunog na basurahan. Hindi mo ba nakikita rito ang sinabi Niya? Na, ang bawat espiritu na nagsasabing si Jesus ay hindi naparito sa laman ngayon mismo, ay may likong espiritu. Sinabi ng Biblia na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang sinabi Niya noon, ay Siya rin ngayon, Siya ay magiging laging gayon. Makinig lang kayo.

*Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang Espiritu ng pag- . . .*

[Sinabi ng kongregasyon, “*pagkukupkop*.”—Pat.]

<sup>151</sup> Ngayon, pagkatapos ninyong makupkop, buveno, pagkatapos ninyong makupkop. Kayo'y inilagay na sa tamang lugar, saka ninyo mauunawaan, pagkatapos na maisagawa na ang seremonya at nailagay na kayo sa Katawan nang tama. Anak na lalaki kayo, tunay nga, isang anak na babae, kapag naisilang na kayong mag-uli ganoon na nga kayo, iyon ang inyong kapanganakan. Ngunit ngayon ay inilagay na kayo sa inyong posisyon.

Hindi natin *tinanggap ang espiritu ng pagkatakot; datapuwa't tinanggap natin ang Espiritu*, ating *tinanggap ang Espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama*. Na ang ibig sabihin, “Diyos ko.” Buveno.

*Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y—tayo'y mga anak ng Dios:*

<sup>152</sup> Paano nito ginagawa iyon? Sinabi n'yo, “Luwalhati sa Diyos! Hallelujah! Hindi na 'yon bumabagabag sa akin, anak ako ng Diyos,” at lumalabas at ginagawa pa rin ang mga bagay na ginagawa ninyo? Gagawin ng Espiritu ng Diyos ang mga gawa ng Diyos.

<sup>153</sup> Sabi ni Jesus, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Kita n'yo? Kita n'yo?

<sup>154</sup> Kung—kung—kung—kung umusbong ang baging na ito at namunga ito ng isang kumpol ng mga ubas, at umusbong ang kasunod at namunga ng isang bungkos ng mga kalabasa, may kung anong mali roon. Kita n'yo? Idinugtong lang iyon na iglesya, idinugtong lang iyon na baging, iniugpong lang iyon na tao. Kung ang isang tao na may kung anong denominasyon, kasapi ng isang denominasyon at tinatawag ang kanilang sarili

na Cristiano, at walang Banal na Espiritu at may Kapangyarihan nga ng Diyos at lahat ng mga bagay na ito . . .

155 Ngayon, kung lalabas kayo rito at kikilos na gaya nitong grupo na lasing, dahil lang sa nagsalita kayo ng mga wika. Nakakita na ako ng mga demonyo na nagsasalita ng mga wika. Siyanga, po. Nakita ko na silang nagsisayaw sa espiritu, at nagsisigaw at bumula ang bibig, at lahat na ng iba pa, at lahat ng iyon. Nakita ko na iyon. Isa akong . . . Hindi iyon ang tinutukoy ko. Ang Espiritu ng Diyos ang tinutukoy ko.

*Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y . . . mga anak ng Dios:*

*At kung mga anak nga, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, . . . mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga . . . makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y . . . lumuwalhati namang kasama niya.*

*Sapagka't napatutunayan ko na ang pagtitiis . . .*

156 Makinig lamang dito. Oh, kung di ba naman ito napakaganda!

*Sapagka't napatutunayan ko na ang pagtitiis sa panahong ito'y hindi karapatdapat maitumbas sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin. Sa atin!*

*Sapagka't ang maningas na pagmimithi ng buong nilalang . . .*

157 Tumatawag pansin rito, may isang munting—may isang munting salita roon, isang munting puwang na may nakasulat na, ang “nilalang” ay tama, sa Griyego.

*. . . mga pagmimithi ng buong nilalang, ang nilalang ay naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Dios.*

158 Ano ba ang hinihintay ng lahat? Ano ba ang hinihintay ng sangnilikha? Ang pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Hinihintay nito ang Iglesia na maiposisyon na. Sino ang anak ng Diyos, noong si Adan pa, saan ang kanyang pinaghaharian? Ang lupa. Siya, pinaghaharian niya ang lupa. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi na Siya si Elah, Elah, Elohim noon; Siya na si Jehovah. Kita n'yo? Iyon ay, “Ako ang Diyos, at lumikha Ako ng ilang mas mababa sa ilalim Ko. At pinagkalooban Ko sila ng kapamahalaan. At sa kanilang nasasakupan, ang pinaghaharian nila, ay ang lupa.” May kapamahalaan noon ang tao sa lupa. At ang sangnilikha ay naghihintay sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Oh!

Naghihintay tayo sa pagdating ng mabunying  
 sanlibong taon,  
 Kung kailan ang mapagpalang Panginoon  
 natin ay darating na't kukunin ang Kanyang  
 naghihintay na Nobya;  
 Oh, humihibik na ang lupa, umiiyak para sa  
 araw ng matamis na paglaya,  
 Kung kailan ang ating Tagapagligtas ay  
 magbabalik nang muli sa lupa.

159 Tama ba? Naghihintay. Sinisikap ng Diyos na maiposisyon ang Kanyang iglesia, upang ihayag ang Kanyang Sarili, kumukuha ng isa na sa pamamagitan nito'y makakikilos Siya nang gaya nito, masasabing, "Hayan ang Aking Espiritu na malayang dumadaloy. Hayan nga Ito. Iyon, sa ganoon, Ako—na sa pamamagitan niya'y makagagawa Ako." Narito, kukuha ng isa pa rito at ipupuwesto siya, "Maaari Ko siyang ipuwesto." Pagkukupkop, pagpupuwesto, paghahayag, dadalhin siya rito at magsasagawa ng isang seremonya sa kanya, dadalawin siya sa pamamagitan ng isang Anghel, sasabihin sa kanya ang isang bagay. Ngayon, kung sinabi niya ang katotohanan! Ngayon kung gawa-gawa lang niya ang isang bagay, hindi iyon uubra. Hindi, hindi, iyan—hindi 'yan uubra, nagkaroon na tayo ng maraming ganyan. Subalit ang ibig kong sabihin—subalit ang ibig kong sabihin ay pagkahayag ng mga anak ng Diyos, kapag inihayag na ng Diyos ang Kanyang Sarili at Kanyang isusugo na siya roon. At saka siya hahayo, at ang sinasabi niya ay Katotohanan. Ang ginagawa niya ay ang Katotohanan. Ang ginagawa niya, kanyang inihahayag si Cristo. Paano ninyo siya hahatulan? Sa paraan ng pananatili niya sa Salita, sa Salita mismo. Kita n'yo, ganoon ninyo makikilala ang lahat ng tao, sa paraan ng pananatili niya sa Salita. "Kung hindi sila nagsasalita ayon sa Salita, walang Buhay sa kanila," sabi ng Biblia. Kita n'yo? Iwanan ninyo sila.

160 Ngayon basahin natin, pagkatapos tayo—kailangan na nating tumigil, dahil nauubos na ang oras natin. Buweno, sa ika-10 talata, o ika-9 na talata, pala.

*Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang  
 kalooban, upang kupkupin tayo, ayon sa kaniyang  
 minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin:*

161 Ipinasya Niya Mismo ito, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Ilan ang nakauunawa nito? Kita n'yo?

*Sa pagdating ng takdang kaganapan . . .*

162 Oh, naku, heto na naman tayo! Huh! Oh, hayaan—hayaan—lampasan na lang natin ito, kita n'yo.

*. . . pagdating ng takdang kaganapan ng panahon . . .*

163 Naniniwala ba kayo sa mga dispensasyon? Sinabi iyon ng Biblia, "Sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon."

Ano ba ang kaganapan ng panahon? Nagkaroon na ng dispensasyon ng, buweno, nagkaroon noon ng dispensasyon ng Batas ni Moises. Nagkaroon ng dispensasyon ni—ni—ni Juan Bautista. Nagkaroon ng dispensasyon ni Cristo. Nagkaroon ng dispensasyon ng organisasyon ng iglesia. Nagkaroon ng dispensasyon ng pagbuhos ng Espiritu Santo. Ngayon naman ay ang dispensasyon na ng pagkukupkop, kung ano ang hinihintay ng sanlibutan, inihihibik. “At kapag dumating na ang kaganapan ng panahon, kapag dumating na ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon.” Ano ang kaganapan ng panahon? Kapag bumangon na ang mga patay, kapag huminto na ang pagkakasakit, kapag ang . . . kapag tumigil na sa paghibik ang sangkalupaan. “Ang kaganapan ng dispensasyon ng panahon.” Masdan ninyo ito.

*Kapag sa pagdating ng takdang kaganapan ng mga panahon ay kaniyang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, . . .*

<sup>164</sup> Hindi ba kayo nagagalak? Papaano Niya ito gagawin? Titipunin ang lahat ng bagay Kanino? [Sinabi ng kongregasyon, “Cristo.”—Pat.] Paano kayo makapapasok kay Cristo? [“Sa pamamagitan ng isang Espiritu.”] Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan tungo sa [“isang Katawan”] isang Katawan. At ang Katawan na iyon ay Kaninong Katawan? [“Kay Cristo.”] Nahatulan na. [“Amen.”] Kinuha na Niya ang ating kahatulan. Kung gayon ano na tayo? “Kapag nakita Ko ang [“Dugo.”] Dugo, lalampasan Ko kayo.” Sa tuwing tumitingin Siya sa Katawan, hayun Ito na naroroon, na duguan. Naroroon ako sa pamamagitan ng ano? Ng Banal na Espiritu. Basta nilalampasan na lang Niya. Oh, naku!

*At kapag ang kaganapan ng dispensasyon ng panahon, upang kaniyang tipunin . . . lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, . . .*

<sup>165</sup> Ngayon kung gusto ninyong pag-usapan ang tungkol sa isang pangalan, uumpisahan lamang natin ito ngayon din sa ilang saglit. Ang buong sambahayan ng Langit ay ipinangalan kanino? [Sinabi ng kongregasyon, “Jesus Cristo.”—Pat.] Ang buong sambahayan sa lupa ay ipinangalan kanino? [“Jesus Cristo.”]

<sup>166</sup> May ilang kalugod-lugod na kababaihan rito, kalugod-lugod, mayaman, isang tunay na binibini, mga binibini. May iisang Gng. Branham, Gng. William Branham, asawa ko siya. Umuuwi siya kasama ko. Kita n’yo, lahat kayong iba pa ay sumasama sa inyong asawang lalaki.

<sup>167</sup> May iisang dakilang buhay na Iglesia ng buhay na Diyos, dala Nito ang Kanyang Pangalan, puspos Ito ng Kanyang Espiritu. Siyanga. Hindi ko sinasabing . . .

168 Hindi ko kinokondena ang mabubuting gawa, hindi ko kinokondena ang kanilang mga ospital at mabubuting bagay na ginagawa nila. Sa palagay ko'y mainam iyon, at ang mga pagpapala ng Diyos sa mga kawawang, naghihirap na mga tao. Hindi ko kinokondena ang lahat ng iba pang bagay na ito na ginagawa nila. Mabuti, sadyang ayos lang iyon. At ang naglalakihan nilang mga organisasyon at milyun-milyong dolyar, tunay nga na mas gusto ko pang makita iyon kaysa sa mga tindahan ng alak sa kanto, sa anumang panahon. Tunay na iginagalang ko sila bilang mga ministro na tumatayo sa pulpito.

169 Ngunit pagdating na sa pagtitipun-tipon sa wakas ng dispensasyon, maghihintay iyon para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos, doon sa dispensas- . . . upang Kanyang tipunin ang lahat, lahat ng dinala kay Cristo. Ano ang Cristo? Ilan ba . . . Paano ba tayo makakapasok sa Kanya? I Mga Taga-Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, na siyang Katawan ni Cristo, at nakabahagi sa bawat kaloob at bawat mabuting bagay na taglay Niya." Tama ba? "At ang buong sangkalupaan ay humihibik, umiiyak, naghihintay sa pagkahayag kung kailan si Cristo at ang Kanyang Iglesya ay magkakaisa na."

*Sa . . . pagdating ng takdang kaganapan ng panahon . . . upang tipunin . . . sa lahat kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa lupa; at sa kaniya: . . . lupa; sa kaniya:*

*Tayo . . . sa kaniya ay ginawang mana, . . .*

170 Oh, Kapatid na Neville, patawarin mo ako sa pagkuha sa oras na ito. Ako . . . ang salitang iyon na "mana." Oh-oh-oh-oh! Oh, tiyak nga! Oh-oh-oh-oh! Alam kong Siya . . . Iyon ang aking kamag-anak na Kapatid. Hindi ako . . . Umaasa akong hindi ako nahihibang. Ako—ako—ako'y sadyang . . . sa palagay ko'y hindi naman. Ngunit, oh, naku! Isang ano? "Isang mana." Pinamanahan tayo. Kailangang may iwan na bagay sa iyo ang kung sino man. Ang Diyos, bago pa man ang pagkakatag ng sanlibutan, ay may iniwan na bagay para sa iyo. Isang pangalan na isinulat sa Aklat, upang kapag pinatay na ang Kordero ay makilala ka na kasama Nito. Oh! Ilan na natin iyon para mamayang gabi. Ituloy lang natin ang pagbasa nang kaunti pa. Naku, naku! Paano ba tayo makakarating sa ika-3 talata mamayang gabi, o sa ika-3 kabanata? Ni hindi pa nga tayo nakaapat o nakalimang talata mula rito. Ngayon malapit na tayong magtapos, gayunman, kinakailangan ko na lang basahin ito at hayaan na.

*Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na . . .*

171 Ano? Paano ba natin makukuha itong mana rito? Paano natin iyon natamo? Dahil ba sa lumakad tayo nang matuwid? Paano ba natin matatamo ang mana na ito? Dahil sa itinalaga na tayo

nang una pa. Amen. Whew! Mga kapatid kong Arminian, alam kong masyadong mabigat iyon. Hindi ko sinasadyang makasakit, subalit sadyang napakabuti ang dulot nito sa akin na malaman na ito. . . Inyong—inyong—natamo n'yo na ito, natamo n'yo na ito, kapatid, siyanga. Hindi n'yo lang ito nakikita. Natamo n'yo pa rin ito gayun pa man. Kita n'yo? Nasa mabuti na kayo, kita n'yo, nasa mabuti na kayo. Kita n'yo? Ngunit, oh, ngunit napakaganda nitong pagmasdan. Oo. Katulad ng sinabi ni Kapatid na Neville tungkol sa malaking pamilihan, kahapon, “Kumuha ka ng hagdanan at mag-ikot-ikot ka at tingnan mo kung anong mayroon ka.” Siyanga, po. Parang ganoon Ito. Ang Espiritu Santo ng Diyos ang ating hagdanan upang sabihin sa atin kung ano ang mayroon tayo. Kita n'yo?

172 Kita n'yo, isang mana. Oh, naku! “Na. . .” Anong uri ng mana?

*. . . na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:*

173 Noong Siya ay. . . bago Siya naging isang Tatay, bago Siya naging Diyos, bago Siya naging isang Tagapagligtas, bago Siya naging isang Tagapagpagaling, bago ang lahat ng ito, ay nagtalaga na Siya nang una pa, inilagay ang Pangalan ng Kordero sa Aklat, tumunghay sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman at nakita na ang pangalan mo, inilagay na rin ito roon. Ano ito? At sa paglipas ng panahon ay dumating tayo sa sanlibutan, isinilang sa mga makasalanang magulang; nagpagala-gala tayo sa sanlibutan, alam n'yo na. Bigla na lang, gaya nung munting pakalawit ang ilong na Judio, si Pablo, alam n'yo na, at—at noo'y mayroon siyang isinasagawa, at, bigla na lang, May nagsabi, “Dito, dito, dito, dito, dito!”

Sinasabi ninyo, “Oh, Abba, Ama!”

174 Nag-umpisa na tayo ritong magsidating, kita n'yo. Itinalaga na tayo nang una pa sa ating mana sa Kanya, na itinalaga na sa atin. Kita n'yo, namana na natin ito bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. Kita n'yo? Oh! Para sa Kanya Mismong layunin upang isakatuparan ang Kanyang Sariling mabuting kalooban, 'yun na mismo, upang maging isang Diyos at Tagapagligtas.

*Na sa kaniya'y kayo rin naman ay nagtiwala, pagkarinig ninyo ng aral ng katotohanan, . . .*

175 At Sino ba ang Katotohanan? Si Jesus ang Katotohanan, ang Katotohanan ng Ebanghelyo. Anong Ebanghelyo? May iisang Ebanghelyo lamang. Ang Mga Taga Galacia 1, ay nagsabi, “Kahit na isang Anghel pa ang mangaral ng ibang Ebanghelyo, ay matakwil.” Ito ang Ebanghelyo, ang Ebanghelyo ng inyong kaligtasan; hindi iba pa, wala nang iba pa. “Hindi—hindi panibagong pangalan na ibinigay sa silong ng Langit na sukat

ninyong ikaligtas.” Kundi sa Pangalan ng ano? [Sinasabi ng kongregasyon, “Ng Panginoong Jesus Cristo.”—Pat.] Oh, naku!

*...sa kaniya rin naman...mula nang kayo'y magsisampalataya, kayo'y tinatakan...*

176 Oh, “Pagkatapos na kayo’y magsisampalataya!” Paano ba natin basta na lang lalampasan iyon, kapatid? Hayaan na lang muna natin ito para mamayang gabi, ano sa palagay ninyo? Oh, naku! Ako—sadyang hindi na ako makapagpatuloy nang—nang mas malayo pa roon. Hayaan na lang muna natin para mamayang gabi. Sadyang hindi ko maiwanan ang salitang iyon na “natatakan,” kung papaano kayo makakapasok doon, kita n’yo.

177 Mana sa pamamagitan ng paunang pagtatalaga. Mayroon akong minana. Anong mana? Tiyak na may isang mag-iiwan sa akin ng isang pamana. Aba, sasabihin n’yo, “Pinamanahan ka ni Jesus.” Anong sabi n’yo? Hindi kailanman nag-iwan si Jesus ng mana sa akin, hindi kailanman nag-iwan si Jesus ng mana para sa inyo; pumanaog lamang Siya at binayaran ang inyong mana, dinala kayo sa inyong mana. Subalit ang inyong pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa man maitatag ang sanlibutan. Ibinigay na ng Diyos sa inyo ang inyong mana. Nauna na ang mana ninyo. Dumating lamang si Jesus... Marami, sinisikap nila itong palabasin nang ganito, “Sinasabi ng Diyos, ‘Buweno, napakaraming taong napahamak. Wala ni isa sa kanila ang maliligtas, kaya isusugo ko si Jesus doon at marahil siguro Kanyang... may magsisisi, at mapagtatanto ang nagawa Ko at maliligtas.’” Oh, habag! Hindi ko pamamahalaan nang ganoon ang opisina ko, kahit na hindi sapat ang pangangasiwa ko rito kung minsan. Kita n’yo? Ako—hindi ko iyon gagawin nang ganoon. Paano pa kaya ang Diyos?

178 Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay nakita na mismo kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas, isinugo Niya si Jesus upang iligtas ’yung mga pinili na Niya. Hindi ba’t sinabi ni Pablo, limang talata bago ito, na “pinili na Niya tayo sa Kanya bago pa man nagkaroon ng sanlibutan”? Iyon ang ating mana. Pinili tayo ng Diyos, at pinapunta si Jesus at binayaran ang halaga. Upang ano? Ang pagpapatulo Niya ng Kanyang Dugo, upang walang kasalanan ang maibilang sa atin. Hindi sa anumang gawa mo. Ngunit kung kayo...

179 “Siya na sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan, ay wala nang haing natitira pa.”

180 Ngayon, at doon na naman kayo magtitindig, sasabihin, “Paano naman iyon, Kapatid na Branham?”

181 Ngunit tandaan lang, kita n’yo, “ang nakatanggap na ng *pagkakilala* sa Katotohanan.” Hindi nila kailanman natanggap



ang Katotohanan, natanggap lang nila ang pagkakilala Rito. Kita n'yo? Imposible para sa mga minsang naliwanagan na, na nakabahagi na ng Banal na Espiritu, nakalaspang na ng kapangyarihan ng mabuting Salita. Katulad nila na alanganin na mga mananampalataya noon. Napakarami nang sumulat sa akin ng mga liham patungkol doon.

182 Ang mga mananampalatayang alanganin ay naglakbay hanggang doon lang mismo, sina Josue at Caleb naman ay pumunta mismo hanggang doon sa kabila. Bakit? Ngayo'y tatawagin natin iyon na Banal na Espiritu, ang lupaing iyon doon. Heto sila sa banda *rito*. O sa may itaas *rito*, ipagpahalimbawa na *ito* ang Banal na Espiritu, at sila'y *naririto* sa labas, nakita n'yo. Naroroon ang pangako, *naroon*. “Buweno, kung magsusugo sila ng sampung espiya, isa mula sa bawat tribo, upang lahat tayo na mga tribo ay malaman kung ano ang ating mana, kung saan ang kalalagyan ng lahat sa dakong iyon, kung saan ang kalalagyan natin.’ Kaya, magsusugo ako ng ilang espiya.”

183 Nakapunta silang lahat doon, “Oh, naku! Hindi. Tatawagin na tayong mga holy-roller, magmula niyan. Hindi, huh-uh, hindi natin kayang gawin iyon.” Kita n'yo?

184 Sabi nina Josue at Caleb, “Titingnan ko kung ano ang itsura nito.” Kaya pumunta sila rito at nagmasid sa paligid. Naku, umabot sila roon sa itaas at pumutol ng isang malaking kumpol ng kanilang ubas saka bumabang muli. Sabi, “Naku, mainam siya, talagang mainam siya! Heto, magdala tayo ng ilan sa mga ito, talagang masarap ang mga ito!”

185 “Oh, mainam nga iyan, ngunit, oh, tingnan n'yo 'yung malalaking... Oh, hindi natin kaya ito. Ang makapanaig sa kanilang lahat na malalaking denominasyon, lahat ng malalaking bagay na iyon? Oh, sayang naman, hindi natin ito kaya. Hindi, po! Kahit sino pa man ito, hindi natin makakaya. Hindi, po.” At nagsimula silang magsipagsabi, “Oh, bumalik na tayo sa mga palayok na putik ng Egipto. Mas maigi pa sigurong nanatili na lang tayo doon. Hindi natin kaya ito, ang daan na ito ay napakakitid. Alam nating hindi natin magagawa *ito*, hindi natin magagawa *iyon*.”

186 Sabi ng matandang Caleb, “Pumayapa kayo, kayong lahat!” Sabi ni Josue, “Manahimik kayo, bawat isa sa inyo! Hayaan ninyong magsalita ako.”

187 “Oh, wala na, wala na, wala na, hindi natin magagawa ito! Oh, hindi natin kaya. Buweno, kung kailangan kong tigilan ang pagbabaraha ko, Kapatid na Branham! Kung kinakailangan kong pahabain ang buhok ko na gaya ng isang kung anong matandang babae, sadyang hindi ko na alam ang gagawin ko. Kung kailangan kong alisin ang maikli kong shorts, ako—ako—ako, naku, hindi ko talaga kaya, alam mo. At kung isusuko ko

ang mga sigarilyo ko, kung kailangan kong gawin iyon!” Ikaw na kaawa-awang intensyonal na ehemplo. Oo. “Hindi talaga kaya iyon.”

<sup>188</sup> Sabi ni Josue, “Oh, ito’y mainam. Hallelujah! Kaya natin itong sakupin.” Ano ba iyon? Tinitingnan nila ang naglalakihang mga siyudad na napapaderan. At sina Josue at Caleb naman ay nakatingin sa isang pangako na ipinangako ng Diyos. Manatili sa Salita, kahit na sino pa kayo. Manatili sa Salita!

<sup>189</sup> Sapagkat ang sabi ni Pedro, “Magsipagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, sapagkat ang pangako ay sa inyo,” (anong Lupang pangako?) “at sa inyong mga anak, at para sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.”

<sup>190</sup> Huwag kayong masasaktan dito, magtatapos na, pakiusap na huwag. Kita n’yo? Doon kayo na mga Pilgrim Holiness at mga Nazarene, nakarating mismo kayo sa pagpapabanal, pumarito na mismo sa lugar kung saan nakikita n’yo na nga ang mga ubas, at pagkatapos ay tumalikod na at nagsibalik. Nakita n’yo na ang nangyari? Iyon ang problema, hindi kayo pumasok doon sa lupain. Ipakita n’yo sa akin ang isang Nazarene o Pilgrim Holiness, o sinuman sa kanila sa lugar ngayon, na nagdaraos ng mga kamangha-manghang gawaing ukol sa pagpapagaling na may mga nagaganap na mga tanda at mga kababalaghan. Magpakita kayo sa akin ng isa. Pumirmi na kayo sa Egipto, bumalik sa mga palayok ng bawang. Huminto kayo sa Kadesh-Barnea. Siyanga.

<sup>191</sup> Masdan, at hayaang ibigay ko sa inyo ang inyong lugar, sa ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo. “Sapagkat hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na,” alam n’yo na ang mas mabuti. Kung hindi pa, alam n’yo na ngayon. Kita n’yo? “At naging kabahagi, at nakalasp ng mga kaloob ng Kalangitan.”

<sup>192</sup> Nakalasp, kita n’yo. Nagsisimba ang mga tao, at nauupo sa paligid at nagsisipagsabi, “Alam mo, sila, maaaring tama nga sila. Iyon—iyon—maaaring tama nga iyon. Maaaring ganoon na rin iyon, pero sinasabi ko sa iyo, naku, kinakailangan ng malaking pananampalataya upang magawa iyon.”

<sup>193</sup> “Nakalasp na ng mga kaloob ng Kalangitan, at inaring isang ‘di banal na bagay’ ang Dugo ng tipan, na nagpabanal sa inyo.”

<sup>194</sup> Gaya ng isang mangangaral, pinapahayo siya ng kanyang ina. Sasabihin niya, “May pagkatawag sa akin na maging isang lingkod ng Panginoon.”

<sup>195</sup> “Sige. Ang unang bagay na kinakailangan kong gawin ay magkuskos sa tabla sa paglalaba, mahal ko, at papaaralin kita sa isang eskuwelahan.” Ang pinakamalalang bagay na nagawa niya kailanman. Siyanga. Aalisin nilang lahat sa kanya ’yung

sinisikap na ilagay sa kanya ng Diyos. Pagkatapos, ngayo’y pagmasdan.

196 “Sapagkat kung sinasadya natin ang pagkakasala, sinasadyang magkasala pagkatapos nating matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan, ang pagkaalam. Tingnan ninyo ito sa Kasulatan at malalaman na sinasabi ng Biblia na Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n’yo Iyon, ito ang pagkaalam sa Katotohanan. Ang makita ito, bumabaling tayo palayo, at itinuring na ang Dugo ng tipan . . .”

197 Sasabihin ng isang tao, “Oh, oo, nananampalataya ako sa—sa Diyos.” Buweno, isagawa mo ang unang hakbang.

198 “Tunay, na naniniwala ako sa pagpapabanal.” Buweno, nasa hangganang guhit ka na, naririto nang nakahanda upang matanggap na ang Banal na Espiritu. Ngunit tutunghay ka at magsasabi, “Ako—ako—hindi ko alam ang tungkol diyan. Kung kinakailangan kong kumilos na parang . . . Hindi. Ewan ko. Alam mo ba ang tawag nila sa mga taong iyon? Uh-huh, hindi ko alam kung magagawa ko ba iyon o hindi. Hindi, sa palagay ko’y magpapatuloy na lang ako at makikisali . . .? . . .” Kita n’yo? Kita n’yo?

199 At alam n’yo ba ang nangyayari? Sabi niya, “Imposible na makapasok pa sila.” Pinalampas na nila sa pagkakasala ang araw ng biyaya sa kanila. Sabi iyon ng Biblia. Alam kong mabigat iyon, ngunit sinabi ng Biblia, “Nakalasp na ng mga kaloob ng Kalangitan, at inari na ang Dugo ng tipan na . . .”

200 Sasabihin nila, “Naniniwala ako sa pagpapabanal, isang mabuti, malinis, na banal na buhay.”

201 Tunay nga, ngunit kayo, nang makita n’yo na ang bautismo ng Banal na Espiritu, at ang bautismo at lahat ng iba pang bagay na ito sa Biblia, at ano ang ginawa ninyo? Inari ninyo na ang Dugo ng tipan na nagpabanal sa inyo, ay isang “di banal na bagay.” Ano nga ba ang nagdala sa inyo roon, tao? Ano ba . . .? . . .Ano ba ang pumigil sa inyo sa pagiging napakababang makasalanan? Ano ba ang nag-alis ng kasalanan sa inyong buhay, at paninigarilyo at pag-inom, at mga babae at gayong mga bagay mula sa inyong buhay, na wala dapat diyan? Ano ba ang may gawa nun? Ang Dugo ng tipan! Pagkatapos ay nakalapit na kayo nang husto na halos matikman n’yo na ang mga ubas mula sa ibang Lupain, at ikinahihiya ang Ebanghelyo, takot sa inyong denominasyon! Mahabag nawa ang Diyos! Siyanga, po. “Inaring ‘di banal na bagay’ ang Dugo ng tipan, at umalipusta sa mga gawa ng biyaya. Imposible na makapasok pa siya kailanman sa Lupaing iyon.”

202 Ano ba ang nangyari? Tinatanong ko kayo. Ngayon, isa akong tagapagtipo, at ang sinumang tao na nakakaalam ng Biblia ay isang tagapagtipo. Narating ba ng isa sa mga taong iyon ang lupang pangako? Wala ni isa sa kanila. Sino ang

nakagawa niyon, sino ang nakarating doon? Yaong mga naunang pumunta, ay bumalik at nagsabi, “Kaya natin itong kunin, makakamtan natin ang Banal na Espiritu dahil sinabi iyon ng Diyos! Sabi ni Pedro sa Araw ng Pentecostes, kung ako ay ‘magsisi at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo,’ ay matatanggap ko ang Banal na Espiritu, ang pangako ay sa akin. Nakahanda akong gawin iyon. Akin, ang pangako ay akin.” Nakuha n’yo ba? “Ngayo’y akin ang pangako. Tinatanggap ko ito, akin ito. Tunay na ito nga.” Tanging sila nga lang.

203 “Oh,” sasabihin n’yo, “ngunit, Kapatid na Branham, sa pagkabuhay na mag-uli!” Hindi sila paroroon. “Oh, hindi sila paroroon?” Hindi, po. Sabi ni Jesus.

204 Sabi nila, “At ginagawa mo ang Iyong Sarili na kasindakila ni Moises, at sabi Mo na Ikaw, na Iyong ‘nakita si Abraham.’” At sabi niya, “At—at—at—at patay na si Abraham! Aba, hindi Ka pa—hindi Ka pa lampas ng limampung taong gulang, at sinabi Mo na nakita Mo si Abraham?”

205 Sinabi Niya, “Bago pa si Abraham, ay AKO NGA.” Oh, naku! Ang “AKO NGA,” laging nasa kasalukuyan, na Walang Hanggang Diyos. Hindi kahapon, hindi bukas, “AKO NGA.” Kita n’yo? Diyos na laging nasa kasalukuyan, ang Elohim, “AKO NGA.” Pagkatapos ay nagsipulot sila . . . Papatayin na sana nila Siya noon.

206 Sabi nito, “Buveno, kumain ang aming mga magulang ng manna sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Nagpaulan ang Diyos ng tinapay mula sa Langit at pinakain sila. Nagsimba sila at mabubuti silang miyembro ng simbahan sa loob ng apatnapung taon. Namatay ang butihin kong Nanay dito mismo sa simbhang ito,” at lahat na na gaya niyon. “Kumain ang aking mga magulang ng manna sa ilang sa loob ng apatnapung taon.”

207 At sinabi ni Jesus, “At lahat sila’y patay na.” Ang *patay na* ay nangangahulugang “ang Walang Hanggang pagkahiwalay.” “Bawat isa sa kanila ay patay na. Subalit sinasabi Ko sa inyo, na Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit. Kapag kinain ng isang tao itong Tinapay ng Espiritu, ay may Buhay na Walang Hanggan siya at hindi na siya maaaring mamatay pa. At ibabangon Ko siya sa huling araw.” Oh, kapatid, di ba’t kahanga-hanga Siya?

Isn’t He wonderful, wonderful, wonderful?

Isn’t Jesus our Lord wonderful?

Eyes have seen, ears have heard, what’s  
recorded in God’s Word;

Isn’t Jesus our Lord wonderful?

208 Tama nga ba? Nakikita natin ang Kanyang kumikilalang Espiritu na sumasa ating kalagitnaan. Nakikita natin Siya na nagpapamalas ng mga himala at ng mga tanda at ng mga kababalaghan. Naririnig natin Ito na nakasulat mismo sa

Salita rito, nakikita ninyo Ito na nakukumpirma roon mismo. Oh, naku!

Eyes have seen, ears have heard, what's  
recorded in God's Word;  
Isn't Jesus my Lord wonderful?

209 Sa isa pang dalawang minuto, o tatlo, ay magkakaroon ng gawaing pagbabautismo sa tubig na isasagawa rito. At ngayon 'yung mga babautismuhan, hayaang *pumarito* na ang mga babae, at ang mga lalaki naman ay sa panig na *ito*. At ngayon ang mga lalaki sa aking kaliwa, banda *rito* sa panig na *ito*. At ang mga babae naman sa banda *rito*. May mga kapatid na babae riyan na may nakahanda nang mga damit. At kung may sinumang lalaki o sinumang babae rito ngayong umaga, na nakatitiyak na na sumasampalataya kayo sa Salita ng Diyos, at nananampalataya kayo na tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako, na kung ang isang tao ay lubusang magsisisi sa lahat ng kanyang mga kasalanan. . . Ngayon, wala pang ginawang anuman ang Dugo. Wala pa, pananampalataya pa lang ninyo iyon sa Diyos. At tumatawag ang Diyos, sadyang [Humihihip si Kapatid na Branham sa mikropono, "Whoosh, whoosh, whoosh."—Pat.] tinatawag kayo. Iyon ang gumagawa nito ngayon. ["Whoosh, whoosh."] "Hindi pa ako nabautismuhan." ["Whoosh, whoosh."] "Buweno, buweno, kung makapagsisimula lang sana ako at gumawa ng iba." ["Whoosh."] Iyon, ganoon nga, mag-umpisa, pagkatapos—pagkatapos ay iba na ang ginagawa mo pagkatapos ninyong makapag-umpisa. Kita n'yo? Kailangan ninyong pumihit, mag-umpisa, kita n'yo.

Sasabihin n'yo, "Buweno, ako—ako—hindi ko iyon nakita nang ganoon."

210 Buweno, mahal na kapatid, gusto kong ipakita mo sa akin ang isang Kasulatan kung saan ang sinumang tao. . . Inialok ko na ito sa loob ng tatlumpu't isang taon ng ministryo sa buong mundo, sa harapan ng mga obispo at iba pa, kung saan ang isang tao, ang isang tao ay nabautismuhan sa anumang ibang paraan kundi sa Pangalan ni Jesus Cristo. At bawat isa na hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus, ay kinailangang lumapit at mabautismuhang muli sa Pangalang iyon.

211 May isang Pangalan lang ang Diyos, at ang Kanyang Pangalan ay Jesus. Iyon ang Kanyang Anak, kinuha Niya ang Pangalan ng Kanyang Anak. Ang Diyos! Ngayon, si Jesus, ang katawan ay isang tao. Alam na natin iyon. Iyon ang Anak ng Diyos na nilukuban. Ngayon ay hindi tayo naniniwala sa isang pang-oneness na tipo, 'yung mga taong nagsasabi na ang Diyos daw ay parang ang inyong daliri. Naniniwala tayong may tatlong kata-. . . katangian ng Diyos. Tatlong katangian ng Diyos, na doon nahayag ang Diyos. Ngunit may iisang Diyos. Kita n'yo? Siyanga. Hindi tayo naniniwalang. . . Naniniwala tayo sa isang—

sa isang . . . Hayaang gawin ko ito na gaya nito, naniniwala tayo na nabuhay ang Diyos sa tatlong opisina. Nagkaroon Siya noon ng opisina sa lupa minsan.

<sup>212</sup> Ngayon, kayong mga babae ay gumawi sa panig na *ito*, at kayong mga lalaki ay pumunta sa panig na *ito*, na naghahanda na. At naghahanda na sila para sa gawaing pagbabautismo ngayon.

<sup>213</sup> At, ngayon, nagkaroon ng tatlong opisina ang Diyos. Ang isa sa mga iyon ay tinawag na pagiging Ama, o ang dispensasyon ng Ama; ang isa pa ay tinawag na pagiging Anak; at ang isa naman ay tinawag na Banal na Espiritu. Ngayon, sa panahon na ito, ano—sa ano nang dispensasyon gumagawa ngayon ang Ama? [Sinasabi ng kongregasyon, “Banal na Espiritu.”—Pat.] Banal na Espiritu. Ano Siya noong mga nagdaang panahon? [“Jesus.”] Jesus. Ano Siya noong mga panahon bago iyon? [“Ama.”] Subalit iyon ay iisang Diyos lamang! Tama ba? Siya’y Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ang tatlong iyon, ang tatlong opisina na iyon ng iisang Diyos. Iisang Diyos!

<sup>214</sup> Ngunit ngayon, ang Ama ay hindi isang pangalan, tama ba? Gusto ko kayong tanungin. Ngayo’y gusto kong ibigay sa inyo ang Mateo 28:19, kung saan sinabi ni Jesus, “Magsiyaon nga kayo, gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan,” (P-a-n-g-a-l-a-n) “Pangalan ng Ama . . .”

<sup>215</sup> Ngayo’y gusto kong makita kung gaano ninyo nalalaman ang inyong Kasulatan. Sabihin n’yo sa akin kapag malihis ako. At sinabi Niya sa kanila, “Magsiyaon nga kayo sa buong sanlibutan, inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan,” (totoo bang lahat iyon?) “magsasalita sila ng mga bagong wika, magsisihawak ng mga ahas.” Ngayo’y babanggitin ko sa inyo, ang Mateo . . .

<sup>216</sup> Ngayon makinig kayo. Hinihiling ko sa sinumang mananalaysay. Ngayon nakateyp ang mga ito, pumupunta ito sa buong mundo. Hinihiling ko sa sinumang mananalaysay na pumunta sa akin at dalhin sa akin ang anumang teksto ng Kasulatan, anumang teksto ng . . . o hindi Kasulatan, anumang teksto ng Kasulatan o anumang kasaysayan, anumang talata ng kasaysayan na nagpapakita na ang sinumang Protestante, na ang sinuman ay nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Banal na Espiritu” hanggang noong itaala na ito ng simbhang Katoliko sa Konseho ng Nicaea. Ngayon nakateyp iyan, nagpupunta ito sa buong mundo, nakasalin ang mga ito sa tatlumpu’t pitong iba’t ibang wika. Babayaran ko ang pamasahe n’yo patawid ng karagatan. Siyanga. Ang “Ama, Anak, at

Banal na Espiritu” ay isang kasinungalingan, na huwad na dogma ng Katoliko, at hindi isang bautismong Cristiano. Tama! Dinala iyon ni Luther mula sa simbahang Katoliko, kasama ng katesismo, ginamit naman iyon ni Wesley at nagpatuloy. Ngunit ito ang panahon ng kahayagan ng mga anak ng Diyos, kung kailan ihahayag na ang mga hiwaga na naitago buhat pa noong pagkatatag ng sanlibutan. Ito na ang oras na iyon. Tunay nga.

<sup>217</sup> Tandaan, wala kailanmang isang tao sa Biblia na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Banal na Espiritu.” Sa loob ng tatlong daang taon pagkamatay ng huling apostol, walang sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Banal na Espiritu.” Nagkaroon sila. . . Nabasa ko na pareho ang *Pre-Nicene Fathers, The Nicene Council*, at mula roon ay inorganisa nila ang tinatawag nilang “pangkalahatang iglesyang Cristiano” at gumawa ng organisasyon mula rito at pinuwersa ang lahat ng mga tao rito, na siyang ang simbahang Katoliko. Ang ibig sabihin mismo ng salitang *katoliko* ay “pangkalahatan,” isang pangkalahatang simbahang Cristiano, buong mundo, isang simbahan upang sumaklaw sa mundo. At sa Cristianismong ito, pinupuwersa nila ang mga tao rito. Ginamit nila roon, inalis nila si Venus at itinayo si Maria. Inalis nila si Pablo. . . o si Jupiter, at itinayo si Pablo. Pagano pa rin ito! Tama. Nagmula roon ang simbahang Katoliko, at pagkaraan ng limang daang taon. . .

<sup>218</sup> May ipinapalabas sila ngayon sa Louisville, tungkol kay *Ben Hur*. Ipinalabas nila di pa katagalan ang *Ten Commandments*. Sana gawan nila ang isa pa, kung magagawa nila, ang tungkol sa labinlimang daang taong panahon ng kadiliman. Sana ipalabas nila iyon. Labinlimang daang taon ng pag-uusig ng mga pagano, noong pinuwersa nila ang lahat at pinaslang sila, pinatay sila, ibinitin sila. Itinali sa isang baka ang isang kamay at sa isa pang baka ang kabilang kamay, at pinahalikan sa kanila ang krusipiho o kung hindi ay uumpisahan nang papuntahin ang isa niyon sa banda rito o sa banda roon. Inilagay ko ang aking kamay, doon mismo sa Switzerland, sa likod ng mga poste kung saan sila noon tumayo roon at pinuputol ang kanilang mga dila at tinawag silang mga mangkukulam at lahat na. Ganoon na nga mismo. Siyanga!

<sup>219</sup> At naririto pa rin ang siya ring espiritu. Ang batas na lang ang pumipigil dito. Hintayin n’yong makalaya ito. Gayon nga ang sabi ng Biblia. Hintayin n’yo lang na maipakita na nito ang kulay nito, na magkaroon ito ng pagkakataon. Maaaring maiboto n’yo ito di na katagalan, hindi ko lang alam. Kita n’yo? Ito nga, darating nga ito. Walang paraan na mahahadlangan ito. Tiyak nga itong darating. Siyanga. Tiyak na darating ito, paparating na ito. Kaya pagdating nito, magmatyag lang kayo. Ngunit, kapatid, gusto ninyong malaman ang isang bagay na

ito, alam ko kung Sino ang sinasampalatayanan ko. Hallelujah! Sumusulong nang patuloy. Kita n'yo. Ganoon nga.

<sup>220</sup> May panahon noong ang—noong ang manunulat, noong sabihin ko sa manunulat ng Lam-. . . Lamsa—Bibliang Lamsa, noong tiningnan niya at nakita ang sinaunang tatak ng Diyos, sadyang eksaktong ganoon na ganoon, may tatlong maliliit na tuldok rito, sabi ko, “Ano ang mga iyan?”

Sabi niya, “Iyan ang Diyos sa tatlong katangian.”

Sabi ko, “Gaya ba ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu?”

Tiningnan niya ako. Sabi niya, “Naniniwala ka ba roon?”

At sabi ko, “Opo, ginoo.”

<sup>221</sup> Sabi niya, “Nakita ko ang pagkilala na iyon noong isang gabi, naisip ko na isa kang propeta ng Panginoon.” Sabi, “Pagpalain ng Diyos ang iyong puso.” Niyakap niya ako, sabi, “Ngayon alam kong ganoon nga.” Sabi niya, “Ang mga mamamayang Amerikano na ito ay hindi man lang nalalaman kung ano.” Sabi, “Ni wala silang alam.” Sabi, “Sinisikap nilang kunin ang isang Aklat pang-Silangan at gawin Itong isang Aklat pang-Kanluran. Ni hindi nila alam ang kanilang Biblia.” Sabi niya, “Walang ibang Pangalan na ibinigay sa silong ng Langit, walang ibang Pangalan, para sa lahat na nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Walang ganoon na tatlong persona sa iisang Diyos.” At si Kapatid na Lamsa iyon, si Doktor Lamsa, ang nagsalin ng Bibliang Lamsa, na isang matalik na kaibigan ni Eisenhower at ng lahat ng mga kilalang embahador sa mundo, at lahat na ng iba pa, niyakap niya ako, sabi, “Balang araw ay babarilin ka nila dahil diyan. Ngunit,” sabi, “tandaan mo, lahat ng mga taong iyon ay namamatay para sa ipinaglalaman na paniniwala.”

<sup>222</sup> Nais kong maging gaya ng noong ang matandang si Pedro ay ibinilanggo. May isang munting bata pang lalaki roon at ninenerbiyos ito nang husto. At sabi niya, “Oh, anong problema?”

Sabi, “Alam mo bang bibitayin ka na?”

Sabi ni Pedro, “Oo.”

Sabi nito, “Buweno, malapit ka nang mamatay ngayon.”

Sabi niya, “Oo.”

Sabi nito, “Buweno, sila’y—sila’y. . . hindi ka ba natatakot?”

Sabi niya, “Hindi.”

Sabi nito, “Isa ka siguro sa kanila na tinatawag nilang mga Cristiano.”

Sabi niya, “Oo.”

Sabi, “Ano’ng nangyari?”



223 At sinabi niya rito, naupo siya at sinabi rito ang naturang kuwento. At habang ipinagpapatuloy iyon, pagdating sa dulo, sabi niya, “At malaya sana ako ngayong umaga. Magagawa ko namang pumunta at makianib sa ilan sa kanilang mga denominasyon at patuloy na lang na mabuhay, alam mo. Puwede sana akong lumaya. Ngunit palabas na ako roon sa pintuan ng bayan, at nakita ko ang Isa na parating, naglalakad papasok. Nakilala ko kung Sino Siya. Sabi ko, ‘Panginoon, saan Ka patungo?’ Sabi Niya, ‘Babalik Ako upang maipakong muli.’” Sabi, “Bumalik agad ako.”

224 Noon din ay sabi nila, “Sino ang may pangalang Simon Pedro?”

Sabi, “Narito ako!”

Sabi, “Nakahanda na kami para sa iyo.”

Sabi, “Hinihintay ko na kayo.” Lumakad na palabas.

225 Tinapik siya ng batang iyon sa balikat, at nagsabi, “Sandali lang, Simon; tinatanggap ko rin ang Diyos na iyon! At hindi na ako natatakot ngayon; hayaan na ako na ang sunod.” Siyanga. Hallelujah!

Keeps . . . It's dripping with blood, yes, it's  
dripping with blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel keeps dripping with  
blood.

The first one to die for this Holy Ghost plan,  
Was John the Baptist, but he died like a man;  
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,  
He preached that the Spirit would save men  
from sin.

There's Peter and Paul, and John the divine,  
They gave up their lives so this Gospel could  
shine;  
They mingled their blood, like the prophets of  
old,  
So the true Word of God could honest be told.

There's souls under the altar, crying, “How  
long?”  
For the Lord to punish those who've done  
wrong; (Pakinggan n'yo!)  
But there's going to be more who'll give their  
life's blood  
For this Holy Ghost Gospel and its crimson  
flood.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with  
 blood,  
 This Holy Ghost Gospel it's dripping. . . blood,  
 The blood of disciples who died for the Truth,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

226 Isang kasulatan lang bago tayo umalis:

. . . *At sinabi nila kay Pedro at . . . sa iba pa sa kanila,  
 Mga kapatid, anong gagawin namin upang maligtas?*

. . . *sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo,  
 at mangagpabautismo ang bawa't isa sa inyo sa  
 Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong  
 kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu  
 Santo.*

*Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga  
 anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang  
 tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya.*

227 Ang Panginoon ngayon ang magpala. Habang tumatabi  
 na tayo. Maaari ninyong panoorin ang pagbabautismo habang  
 tayo'y . . . ? . . .



*PAGKUKUPKOP*

Ang Mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa mga magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Ang Tagalog na salin na ito ay inilimbag at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**

**P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.**

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)